

Deyan Delchev * Adrian Ebens * Danutasn Brown

Katapusan ng Masasama

Nag-aapoy na Huling Paghatol



Deyan Delchev,
Adrian Ebens at Danutasn Brown

Katapusan ng Masasama *Nag-aapoy na Huling Paghatol*



maranathamedia.com
<https://maranathamedia-philippines.com/>

Marso, 2019

Mga Nilalaman

Bumaba ang Apoy mula sa Diyos	Error! Bookmark not defined.
Ang Salita at ang Salamin ng Kalikasan	Error! Bookmark not defined.
Ang Ugnayan ng Tao at ng Lupa	Error! Bookmark not defined.
Ang Baha ay Gumagana sa Parehong Prinsipyo	Error! Bookmark not defined.
Ang Salamin ng Batas	Error! Bookmark not defined.
Ang Pahayag ng Krus	Error! Bookmark not defined.
Ang Pagtatago ng Mukha ng Diyos	Error! Bookmark not defined.
Ang Paghatol	Error! Bookmark not defined.
Ang Banal na Huwaran ng Apoy	Error! Bookmark not defined.
Ang Banal na Huwaran at ang Espiritu ng Propesiya	Error! Bookmark not defined.
Ang Pangwakas na Paglalarawan sa Dakilang Labanan	Error! Bookmark not defined.
Nawasak nang Walang Pagod o Panlabas na Puwersa	Error! Bookmark not defined.
Ang Maluwalhating Karakter ng Diyos	Error! Bookmark not defined.
Apoy mula sa Diyos?	56
Mga Antas ng Parusa	Error! Bookmark not defined.
Konklusyon	Error! Bookmark not defined.

Bumaba ang Apoy mula sa Diyos

Para sa maraming tao, ang paglalarawan ng nag-aapoy na paghatol pagkatapos ng sanlibong taon ang nagsisilbing pangwakas at hindi matututulang katunayan na ang Diyos mismo ang pumapatay sa mga tao:

At pagkalipas ng sanlibong taon, si Satanas ay palalayain mula sa kanyang bilangguan, (8) At lalabas siya upang linlangin ang mga bansa na nasa apat na sulok ng lupa, sina Gog at Magog, upang tipunin sila para sa labanan; at ang bilang nila ay kasindami ng buhangin sa dagat. (9) At sila'y kumalat sa buong kalaparan ng lupa at pinaligiran ang kampo ng mga banal at ang minamahal na lungsod. At isang apoy ang bumaba mula sa Diyos mula sa langit at tinupok sila. (10) At ang diyablong dumaya sa kanila ay itina-pon sa lawa ng apoy at asupre, kung saan naroon ang halimaw at ang bulaang propeta, at sila'y pahihirapan araw at gabi magpakailanman. *Pahayag 20:7-10*

Ang mababaw na pagbasa ng Kasulatan, kapag isinama sa isang mahirap na talata tulad nito, ay madaling maghatid sa isang tao sa paniniwalang ang Diyos ay pumapatay, at na ang impiyerno ay magtatagal magpakailanman, dahil sa mas naunang bahagi ng Pahayag, makikita natin ang ganitong pahayag na may kaugnayan sa parehong pangyayari:

At ang usok ng kanilang pagdurusa ay patuloy na aakyat magpakailanman: At sila ay walang pahinga araw man o gabi, yaong mga sumasamba sa halimaw at sa kanyang larawan, at yaong tumanggap ng tanda ng kanyang pangalan. *Pahayag 14:11*

Upang tumindig sa di-nagbabagong pundasyon ng katotohanan, ang kilusan ng mga Adventista ay tinawag na sundin ang mga alituntunin sa pagpapaliwanag ng Bibliya na nagmula mismo sa Bibliya:

Ang mga nagsisikap ipahayag ang mensahe ng ikatlong anghel ay nag-aaral ng Kasulatan ayon sa parehong pamamaraan na ginamit ni Padre Miller. Sa maliit na aklat na may pamagat na “Mga Pananaw sa mga Propesiya at Kronolohiyang Propetiko,” ibinibigay ni Padre Miller ang mga sumusunod na payak ngunit matalino at mahalagang mga

alituntunin para sa pag-aaral at pagpapaliwanag ng Bibliya: {RH November 25, 1884, par. 23}

“1. Bawat salita ay dapat may tamang kaugnayan sa paksang inilalahad sa Bibliya; 2. Ang lahat ng Kasulatan ay kailangan at maaaring maunawaan sa pamamagitan ng masigasig na pagsisikap at pag-aaral; 3. Walang anumang ipinahayag sa Kasulatan ang maaaring maitago o mananatiling lihim sa mga nagtatanong nang may pananampalataya at hindi nag-aalinlangan; 4. **Upang maunawaan ang doktrina, pagtipunin ang lahat ng mga kasulatan tungkol sa paksang nais mong malaman, at hayaang magkaroon ng tamang kahulugan ang bawat salita; at kung makabuo ka ng iyong pananaw nang walang pagkakasalungatan, hindi ka nagkakamali**; 5. Ang Kasulatan mismo ang dapat magpaliwanag sa sarili nito, dahil ito ay sariling alituntunin. Kung ako ay aasa sa isang guro para ipaliwanag sa akin, at siya ay huhula ng kahulugan nito, o nais ipaintindi ito ayon sa kanyang paniniwalang sekta, o upang magmukhang matalino, kung ganoon ang kanyang hula, hangarin, paniniwala, o karunungan ang magiging alituntunin ko, at hindi ang Bibliya.”

Ang nasa itaas ay bahagi lamang ng mga alituntuning ito; **at sa ating pag-aaral ng Bibliya, makabubuti na lahat tayo ay sumunod sa mga prinsipyong ito.** {RH November 25, 1884, par. 23-25}

Kapag nagkakasundo ang lahat ng kasulatan tungkol sa isang tiyak na paksa, doon lamang tayo makakatiyak na ang ating paniniwala ay katotohanan. Ang pinakamalaking pagsalungat sa isang pagpapaliwanag na inilalarawan ang Diyos bilang direktang tagapukso ng mga makasalanan sa lawa ng apoy ay ang buhay ni Hesu-Kristo. Naparito si Kristo upang ganap na ihayag ang karakter ng Kanyang Ama at kung titingnan natin ang Kanyang buhay sa lupa, tiyak na malalaman natin kung ano ang Diyos:

Sinabi sa kaniya ni Hesus, Matagal na akong kasama ninyo, at hindi mo pa ba ako nakikilala, Felipe? ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama; at paanong sinasabi mo, Ipakita mo sa amin ang Ama? *Juan 14:9*

Niluwalhati kita sa lupa: natapos ko na ang gawaing ibinigay mo sa akin upang gawin... (6) Ipinahayag ko ang iyong pangalan sa mga taong ibinigay mo sa akin mula sa sanglibutan: sa iyo sila, at ibinigay mo sila sa akin; at tinupad nila ang iyong salita. *Juan 17:4, 6*

Ang gawain ng mabuting Samaritano ay kumakatawan sa misyon ni Kristo sa mundo. **Ang ating Tagapagligtas ay dumating upang ihayag ang karakter ng Diyos, upang kumatawan sa kanyang pag-ibig sa tao. Kumilos Siya gaya ng kung paanong kikilos ang Ama sa lahat ng mahirap na kalaqayan.** Ipinakita sa atin ni Kristo ang isang pag-ibig na hindi kailanman matutumbasan ng pag-ibig ng tao. Siya ay namatay upang iligtas ang mga kaaway Niya; ipinanalangin Niya ang mga pumatay sa Kanya. HM October 1, 1897.

Nang si Kristo ay narito sa lupa, wala Siyang pinatay ninuman:

Pinatay ni Herodes at ng masasamang awtoridad ang Isang Matuwid, **ngunit hindi pinatay ni Kristo ang sinuman**, at maaari nating iugnay ang espiritu ng pag-uusig—dahil ang mga tao ay nagnanais ng kalayaan ng budhi—sa pinagmulan nito—kay Satanas. *Ms62-1886.64*

Anumang pangyayari ang inilalarawan sa Pahayag 20, hindi ito maaaring salungatin ang pahayag na ibinigay ng Anak ng Diyos tungkol sa Kanyang Ama habang Siya ay nasa lupa. Dahil dito, susuriin natin ang mga salik na nagdudulot sa mga pangyayari sa Pahayag 20:7-10, ayon sa pagpapaliwanag ng buong Bibliya.

Ang Salita at ang Salamin ng Kalikasan

Sinasabi sa atin ng mga Kasulatan na ang Diyos (1) Nilikha ang mundo sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, (2) Patuloy Niya itong pinapanatili sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, at iyon ay (3) ang Kaniyang bugtong na Anak na Kaniyang Salita:

Sa pamamagitan ng salita ng Panginoon ay ginawa ang mga langit; at ang buong hukbo nila sa pamamagitan ng hininga ng

kaniyang bibig.... (9) Sapagkat siya ang nagsalita, at naganap; siya ang nagutos, at ito ay tumindig nang matatag. *Awit 33:6, 9*

Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. (2) Siya rin ay nasa pasimula na kasama ng Diyos. (3) Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan niya; at kung wala siya ay walang anumang nalikha na nalikha. *Juan 1:1-3*

Siya (si Kristo) ang larawan ng Diyos na di-nakikita, ang panganay sa lahat ng nilalang: (16) Sapagkat **sa pamamagitan niya nilikha ang lahat ng bagay** na nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi nakikita, mga trono, mga paghahari, mga pamunuan, o mga kapangyarihan: ang lahat ng bagay ay nilikha sa pamamagitan niya at para sa kanya: (17) At siya ay una sa lahat ng bagay, at sa pamamagitan niya ay **nananatiling buo at umiiral ang lahat ng bagay**. *Colosas 1:15-17*

Yamang ang lahat ng bagay ay “nananatiling buo” sa pamamagitan ng Anak ng Diyos, nangangahulugan ito na kung wala ang patuloy na paggawang makapangyarihan Niya, magkakaroon ng ganap na kaguluhan. Tingnan kung paano ito ipinahayag ni A. T. Jones:

Sa agham, ang pagkakabuklod ay ang pagdikit-dikit ng mga bahagi upang manatili silang magkakasama. Ngunit ano nga ba ang ibig sabihin ng pagkakabuklod? Ang tanging sagot na maibibigay ng agham ay ito: ang salitang “pagkakabuklod” ay mula sa dalawang salitang Latin, *co* at *haerere*, na ang kahulugan ay “maghawakan” o “manatiling magkasama.” Sa ibang salita, ang pagkakabuklod ay pagkakabuklod; iyon ang sagot. May mas mabuting sagot kaysa roon. Ito ang sagot ng Diyos, at sinasabi Niya sa atin na **ang pagkakabuklod ay ang kapangyarihan ng Diyos na nahayag kay Hesu-Kristo sa paglalang; sapagkat sa pamamagitan Niya, ang lahat ng bagay ay nananatiling magkakaugnay, nagkakaisa, at magkasama; Iyon ang ibig sabihin ng pagkakabuklod.** *GCB/GCDB 1893, p. 441. 6, 7*

Ang lahat ng bagay sa sanlibutan ay pinananatili sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos sa Kanyang Salita – ang ating Panginoong Hesu-

Kristo. Ngunit may isang bagay na maaaring makagulo sa kaayusang pinananatili ng kapangyarihang ito, at ang bagay na iyon ay kasalanan:

At kaniyang sinabi, Ano ang iyong ginawa? ang tinig ng dugo ng iyong kapatid ay sumisigaw sa akin mula sa lupa. (11) At ngayon ay isinumpa ka sa lupa, na nagbuka ng kaniyang bibig upang tanggapin ang dugo ng iyong kapatid mula sa iyong kamay; (12) Pagka ikaw ay nagbubungkal ng lupa, hindi na ito magbubunga sa iyo ng kaniyang lakas; ikaw ay magiging isang takas at isang palaboy sa lupa. *Genesis 4:10-12*

Ang lupa ay nananangis at nalalanta, ang sanglibutan ay nanghihina at nalalanta, ang mga palalong tao sa lupa ay nanghihina. (5) Ang lupa naman ay nadumhan sa ilalim ng mga nananahan doon; sapagka't kanilang nilabag ang mga kautusan, binago nila ang tuntunin, sinira ang walang hanggang tipan. (6) Kaya't nilamon ng sumpa ang lupa, at silang nagsisitahan doon ay sira: kaya't ang mga nananahan sa lupa ay nangasunog, at kakaunti ang natitira. *Isaias 24:3-6*

Ang Ugnayan ng Tao at ng Lupa

Pansinin na ang sumpa na dumating dahil sa pagpatay ni Cain sa kanyang kapatid ay umabot maging sa mga bagay na walang buhay sa kalikasan. Ang dahilan nito ay dahil si Adan, bilang ulo (may pamamahala) ng mga nilikha sa lupa, ay nasa isang maka-Diyos na ugnayang kaayusan kasama ng kalikasan:

At sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao ayon sa ating larawan, ayon sa ating wangis: at **hayaan silang magkaroon ng kapangyarihan** sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at **sa buong lupa**, at sa bawat gumagapang na nilalang na gumagapang sa ibabaw ng lupa... At pinagpala sila ng Diyos, at sinabi ng Diyos sa kanila, Maging marami kayo, at magparami, at punuin ang lupa, at supilin ito: at **magkaroon ng kapangyarihan** sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawat nilalang na gumagalaw sa ibabaw ng lupa. *Genesis 1:26, 28*

Pagkatapos bumagsak si Adan, ang mundo at lahat ng nasa loob nito ay nagsimulang ipakita ang kanyang paghihimagsik laban sa Diyos. Ipinaliwanag nito ang mga pangyayari ng pagka-ganid ng mga hayop at ang paglago ng mga lasong damo:

At kay Adan ay sinabi niya, Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy, na aking iniutos sa iyo, na sinasabi, Huwag kang kakain niyaon: **sumpain ang lupa dahil sa iyo**; sa kalungkutan ay kakain ka niyaon sa lahat ng mga araw ng iyong buhay; (18) **Mga tinik din at dawag ang isisibol sa iyo**; at iyong kakainin ang damo sa parang; *Genesis 3:17, 18*

Sa banal na huwaran ang lupa at lahat ng naririto ay salamin ng tao. Ginawa ito ng Diyos upang makita ng tao ang mga pangyayari sa kalikasan at makilala na may mali sa kanyang relasyon sa Diyos at sa katuwiran dahil sa kasalanan. Ang kaguluhan sa kalikasan ay isang pagpapakita ng kaguluhan sa isipan ng tao, ginawa ito upang magkaroon ang tao ng malinaw na larawan para mas madali niyang maintindihan at magsisi. Kung ang tao ay nasa pagkakaisa sa Diyos, ang Daigdig ay magpapakita rin nito sa pamamagitan ng pag-ani ng mabubuting bunga.

Kaya naman, nang igiit ng mga bansa sa paligid ng Israel na manatili sa kanilang pagsamba sa mga diyus-diyosan, natanggap nila mula sa lupaing kanilang tinitirhan ang ganitong salamin ng kanilang sariling pag-aalsa:

At **ang lupain ay nadumhan**: kaya't aking dinadalaw ang kasamaan niyaon doon, at ang lupain ay nagsusuka sa kaniyang mga nananahan... (28) Na **ang lupain ay hindi rin naman kayo iluluwa, kapag inyong dinungisan, gaya ng pagluwa ng mga bansa** na nauna sa inyo. *Levitico 18:25, 28*

Ipinakikita rin ng lupa ang itinanim dito ng kaaway ng Diyos:

Kaya't ang mga alipin ng may-ari ng bahay ay nagsilapit at sinabi sa kaniya, Ginoo, **hindi ba't naghasik ka ng mabuting binhi sa iyong bukid? saan kaya nagkaroon ng mga pangsirang damo?**

(28) Sinabi niya sa kanila, **Isang kaaway ang gumawa nito.**
Mateo 13:27, 28

Ang kaaway sa bukirin ng Panginoon ay si Satanas, na pagkatapos ng pagkahulog ng ating unang mga magulang ay nag-angkin ng pagmamay-ari sa ating mundo:

At nagkaroon ng isang araw na ang mga anak ng Dios ay nagsiparoon upang humarap sa Panginoon, at si Satanas ay naparoon din sa gitna nila. (7) At sinabi ng Panginoon kay Satanas, Saan ka nanggaling? Nang magkagayo'y sumagot si Satanas sa Panginoon, at nagsabi, Mula sa paroo't parito sa lupa, at sa paglakad pataas at pababa doon. *Job 1:6, 7*

At dinala siya ng diyablo sa isang mataas na bundok, at ipinakita sa kaniya ang lahat ng kaharian sa sanglibutan sa isang sandali. (6) At sinabi sa kaniya ng diyablo, **Lahat ng kapangyarihang ito ay ibibigay ko sa iyo, at ang kanilang kaluwalhatian: sapagka't ibinigay sa akin;** at kung kanino ko ibig ay ibibigay ko. (7) Kung ako nga'y sasambahin mo, lahat ay magiging iyo. *Lucas 4:5-7*

Mula ngayon ay hindi na ako magsasalita nang marami sa inyo, sapagkat dumarating na **ang pinuno ng sanlibutang ito**, at wala siyang anuman sa akin; *Juan 14:30*

Kaya mula noong pagbagsak ni Adan, ipinapakita ng lupa ang likas na pagkarebelde ni Adan laban sa Diyos sa ilalim ng impluwensya ng bago niyang panginoon, si Satanas.

Sa ilalim ng sumpa ng kasalanan, ang buong kalikasan ay naging saksi para sa tao tungkol sa likas na karakter at mga bunga ng pagrerebelde laban sa Diyos. **Nang likhain ng Diyos ang tao, ginawa Niya siyang tagapamahala sa lupa at sa lahat ng mga nilalang na may buhay. Hangga't nanatiling tapat si Adan sa Langit, ang buong kalikasan ay nasa ilalim ng kanyang kapangyarihan. Ngunit nang siya'y naghimagsik laban sa banal na kautusan, ang mga mababang nilalang ay naghimagsik din laban sa kanyang pamumuno. Kaya't sa Kanyang dakilang awa, ipinapakita ng Panginoon sa mga tao**

ang kabanalan ng Kanyang kautusan, at sa pamamagitan ng kanilang sariling karanasan ay inaakay Niya sila upang maunawaan ang panganib ng pagsuway dito, kahit sa pinakamaliit na paraan. PP 59, 60

Hindi lamang ang tao ang napasailalim sa kapangyarihan ng manlililalang, **kundi pati ang lupa mismo, ang sakop ng tao, ay inagaw ng kaaway.** {Bible Echo July 15, 1893}

Ang Baha ay Gumagana sa Parehong Prinsipyo

Kung hindi dahil sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo, sana'y nilipol na ni Satanas ang lahat ng nasa ilalim ng kanyang kapangyarihan. Sinasamantala ni Satanas ang mga tao kapag sila ay naging tagapagdala ng kanyang katuruan—ang kasalanan. Kaya noong panahon bago ang baha, ikinasiya niyang ang sangkatauhan ay sumasalamin sa kanyang karakter. Sobra-sobra ang pagsama-sama at pagpatibay ng mga tao sa kanilang mga kasalanan, na nagdulot ito ng pagtigil ng kapangyarihang nagpapanatili ng Diyos kay Kristo sa buong mundo:

At sinabi ng Panginoon, Ang aking Espiritu ay hindi makikipagpunyagi palagi sa tao, sapagka't siya rin ay laman: gayon ma'y ang kaniyang mga araw ay magiging isang daan at dalawang pung taon. *Genesis 6:3*

Tinanggihan ng mga tao bago ang baha ang mahabaging paanyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Noe at tinanggihan nila ang mapagkumbabang Espiritu ni Kristo. Hinulaan ng Diyos na, sa ganitong bilis ng paglalalim sa kasamaan, pagkatapos ng 120 taon, tuluyan nang magiging krusipikado ng mga tao si Kristo sa kanilang sarili, at dahil dito, mawawala o maikrurusipika ang kapangyarihang sumusuporta ng Diyos kay Kristo, at papayagang ganap na ipakita ng lupa ang karakter ng kanilang pagbagsak:

Sapagkat sinasadya nilang hindi malaman na **sa pamamagitan ng salita ng Diyos** ay nalikha noong una ang langit, at ang lupa na **lumitaw mula sa tubig** at nananatili sa gitna ng tubig: 6 Dahil dito, ang mundo noong panahong iyon ay tinakpan ng tubig at nawasak: 7 Ngunit ang langit at ang lupa na ngayon ay nariyan

pa rin, ay iningatan sa pamamagitan ng **kaparehong salita, na itinalaga para sa apoy sa araw ng paghuhukom at kapahamakan ng mga makasalanang tao.** 2 Peter 3:5-7

Ang mga tao bago ang baha ay hindi kinilala na ang kapangyarihan ni Kristo ang siyang nagtitipon at nag-uugnay sa mga elemento ng sanlibutan. Akala nila na ang mga proseso ng kalikasan ay pinananatili ng isang likas na kapangyarihan na nasa loob mismo ng kalikasan, kaya ang babala ni Noe tungkol sa paparating na baha ay tila walang kabuluhan sa kanila. Gayunman, sinasabi sa atin ng Kasulatan na ang kapangyarihang umaalalay sa lahat ng bagay ay si Kristo – ang buhay na Salita ng Diyos. Ipinapakita rito ni Pedro *na ang parehong proseso na nagdulot ng baha ng tubig ang siyang magdudulot din ng pagbaha ng apoy pagkatapos ng milenyo, at kung paanong ang unang baha ay bunga ng pagpapako sa krus ng buhay na Salita ng Diyos, gayundin ang magiging dahilan ng huli, isang kaparehong proseso.* Ang mga puso ng mga tao bago ang baha ay ganap na tumigas sa kanilang lubos na pagtangga sa pagsusumamo ni Kristo; ang kanilang huling tugon sa Kanyang Espiritu ay ang pag-atake upang patayin ito. Ang pagpapatalsik sa Espiritu ng Diyos dahil sa mga kasalanan ng mga taong nabuhay bago ang baha ang dahilan ng pagdating ng baha:

Dahil tinanggihan nila ang babala, **inalis ang Espiritu ng Diyos mula sa makasalanang lahi**, kaya sila'y nalunod sa tubig ng Baha. GC 431.1

Puno ng matinding pagsisisi sa kaniyang sariling kasalanan, at doble ang dalamhati sa pagkamatay ni Abel at pagtangga kay Cain, si Adan ay nagluksa nang malalim at nabalot ng matinding dalamhati. Nasaksihan niya ang **malawak na paglaganap ng kasamaan na siyang magiging dahilan ng pagkawasak ng mundo sa pamamagitan ng baha**; PP 82.2

Lilinaaw ito sa maingat na pagbasa ng Genesis 6:

Genesis 6:13-14 At sinabi ng Diyos kay Noe, Dumating na sa harapan ko ang wakas ng lahat ng may buhay; sapagkat ang lupa ay napuno ng karahasan dahil sa kanila; kaya't narito, wawasakin [Strong H7843] ko sila kasama ng lupa. (14) Gumawa ka ng

isang daong mula sa kahoy na gopher; lagyan mo ito ng mga silid, at pahiran mo ito sa loob at labas ng alkitran.

Kung susuriin natin ang salitang *wasakin* sa wikang Hebreo, makikita natin na ang ibig sabihin nito ay:

H 7843: Isang ugat na salita sa Hebreo na nangangahulugang mabulok, ibig sabihin ay (sa sanhi) masira o mawasak (literal o talinghaga) – bugbugin, itapon, **ikasira** (tao o bagay), wasakin, mawalan, masira, mamatay, ibuhos, manira, lubusang lipulin, sayangin.

Ang parehong salitang ito ay ginamit sa mga talata bago ang talatang labintatlo:

Genesis 6:11-12 Ang lupa din ay naging masama [H7843] sa harap ng Diyos, at ang lupa ay napuno ng karahasan. (12) At tumingin ang Dios sa lupa, at, narito, ito ay masama [H7843]; sapagka't sinira ng lahat ng laman ang kaniyang lakad sa ibabaw ng lupa.

Kung ilalapat natin ang salitang *sirain*, na ginamit ng mga tagapagsalin para sa parehong salitang Hebreo sa Genesis 6:13 kung gayon ang teksto ay magiging tulad ng sumusunod:

Genesis 6:11-12 Ang lupa din ay nawasak sa harap ng Diyos, at ang lupa ay napuno ng karahasan. (12) At tumingin ang Dios sa lupa, at, narito, *nawasak*; sapagka't *sinira* ng lahat ng laman ang kaniyang lakad sa ibabaw ng lupa.

Ang mismong lupa ay nadungisan ng imoralidad at karahasan ng tao, kaya't nakita ng Diyos na sa huling yugto nito, ipapahayag ng lupa ang paghihimagsik ng tao. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Hesus sa karamihan ng tao noong Siya'y nabubuhay pa sa lupa:

At kung ang sinoman ay dumirinig ng aking mga salita, at hindi naniniwala, **hindi ko siya hinahatulan**: sapagka't hindi ako naparito upang hatulan ang sanglibutan, kundi upang iligtas ang sanglibutan. (48) Ang nagtatakuwil sa akin, at hindi tumatanggap

ng aking mga salita, ay mayroong isang humahatol sa kanya: **ang salitang aking sinalita, siya rin ang hahatol sa kanya sa huling araw.** *Juan 12:47-48*

Dito, inihiwalay ni Hesus ang Kanyang sarili mula sa gawaing paghatol na gumagawa sa pamamagitan ng Kanyang Salita upang ipakita na sa Kanyang Salita, na siyang “nagdadala ng lahat ng bagay” (Hebreo 1:3), ay may isang malaya at makatarungang tagahatol na siyang sumasalamín sa kasamaan ng tao at nagpaparusa kapag ayaw nilang magsisi. Dahil dito, kapag bumalik si Kristo sa ikalawang pagkakataon, Siya ay inilalarawan sa ganitong paraan:

At nakita kong nabuksan ang langit, at narito ang isang puting kabayo; at ang nakasakay sa kaniya ay tinawag na Tapat at Totoo, at sa katuwiran **ay humahatol siya at nakikidigma.** (12) Ang kaniyang mga mata ay parang ningas ng apoy, at sa kaniyang ulo ay maraming mga korona; at mayroon siyang isang pangalan na nakasulat, na hindi alam ng sinuman, kundi siya mismo. (13) At siya ay nararamtan ng isang kasuutang binasa sa dugo: at ang **kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang Salita ng Dios.** (14) At ang mga hukbo na nasa langit ay sumunod sa kaniya na nakasakay sa mga puting kabayo, na nararamtan ng mainam na lino, puti at malinis. (15) At **sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang matalas na tabak, upang sa pamamagitan nito ay kaniyang saktan ang mga bansa;** at kaniyang paghaharian sila ng isang tungkod na bakal: at kaniyang niyuyurakan ang pisaan ng ubas ng kabangisan at poot ng Makapangyarihang Diyos... *Pahayag 19:11-15*

Ang Salamin ng Batas

Si Hesus ay babalik bilang kinatawan ng karakter ng Kaniyang Ama. Bilang buhay na Salita ng Diyos, isinasabuhay Niya ang mga prinsipyo ng kautusan ng pag-ibig ng Diyos. Ngunit ang pag-ibig ding ito na gumagawa upang iligtas ang lahat ng nagsisising makasalanan ay siya ring nagiging “amoy ng kamatayan” sa mga masama:

Ngayon, salamat sa Dios, na laging nagpapangyari sa atin sa pagtatagumpay kay Kristo, at ipinahahayag **ang samyo ng**

kaniyang kaalaman sa pamamagitan natin sa lahat ng dako. (15) Sapagka't tayo sa Dios **ay isang masarap na amoy ni Kristo, sa kanila na nangaligtas, at sa kanila na nangapapahamak**: (16) Sa isa tayo ay **samyo ng kamatayan hanggang sa kamatayan**; at sa iba'y ang samyo ng buhay sa buhay. At sino ang sapat para sa mga bagay na ito? *2 Corinto 2:14-16*

Ang kaparehong pag-ibig ng Diyos na nagbibigay-buhay sa matuwid ay siyang nagiging nakamamatay para sa masasama. Pansinin nang mabuti na **ang pag-ibig ay hindi nagbabago ng katangian**, sapagkat iisa lang ang halimuyak nito para sa dalawang uri ng tao, ngunit ang epekto nito ay nakadepende sa kung anong uri ng tao ang pinahahayag nito. Ang prosesong ito ay naipapaliwanag sa katotohanang kapag nakita ng masasama ang Diyos kung sino Siya talaga—ganap na walang-kaparis na pag-ibig, sa liwanag ng Kanyang presensya ay nahahayag ang tunay na laki ng kanilang mga kasalanan, ang kanilang panlilinlang sa sarili ay nawawala sa harap ng dalisay na liwanag ng katotohanan, at dahil dito ay bumabalik sa kanila ang nakamamatay na bunga ng kasalanan, na nagpapatotoo na "*ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan* " (Roma 6:23). Kung ang Diyos ang pinagmumulan ng kamatayan na iyon, dapat sana'y sinabi sa talata na *ang kabayaran ng Diyos para sa kasalanan ay kamatayan*. Ngunit ang Diyos ay hindi pinagmumulan ng kamatayan. Kaya't sa pagpayag ng Diyos na tupukin ng kasalanan ang masasama, ang kamatayan mismo ay nawawala o nagwawakas:

At ang **kamatayan** at ang impiyerno ay itinapon sa dagatdagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan. Pahayag 20:14

Kung ang Diyos ang direktang tagapagpatupad ng paghatol na ito kung gayon ang kamatayan ay magiging walang kamatayan sa Diyos. Ngunit alam natin na sa ating Ama sa langit ay walang anumang kadiliman:

Ang bawa't mabuting kaloob at bawa't sakdal na kaloob ay mula sa itaas, at bumababa mula sa Ama ng mga ilaw, na sa kaniya'y walang pagbabago, ni anino man ng pagbabago. Santiago 1:17

Ito nga ang mensahe na aming narinig sa kanya, at ipinapahayag namin sa inyo, na ang Diyos ay liwanag, at sa kanya ay **walang anumang kadiliman**. 1 Juan 1:5

Bakit napakahirap para sa mga tao na maunawaan kung paano tumutugon o kumikilos ang sangnilikha sa harap ng kasalanan, kaya't hindi nila nauunawaan nang tama ang Diyos at iniisip nilang Siya ay isang mapanirang Diyos? Ito ay dahil tayo mismo, kung wala ang isipan ni Kristo, ay maliliit na maninira, na nilalang ayon sa larawan ng ating makasalang ama na si Satanas, na siyang tunay na maninira (Juan 8:44, Pahayag 9:11). Tinitingnan natin ang kautusan at ang tagapagtaguyod nito, at ang nakikita natin ay ang sarili nating mukha, gaya ng sa salamin.

Sapagka't kung ang sinoman ay tagapakinig ng salita, at hindi tagatupad, siya ay katulad ng isang tao na tumitingin sa kaniyang likas na mukha sa salamin [salamin]... *Santiago 1:23*

Tungkol sa katangian ng kautusan na nagsasalamin, maraming halimbawa ang ibinigay sa Banal na Kasulatan. Pinahintulutan ni Hesus na mahayag ang ganitong proseso nang taglayin ng Kanyang mga alagad sa kanilang sarili ang pambansang kasalanan ng pagkiling laban sa ibang lahi:

Nang magkagayo'y umalis si Hesus doon, at umalis sa mga hangganan ng Tiro at Sidon. (22) At, narito, ang isang babae ng Canaan ay lumabas sa mga hangganan ding yaon, at sumigaw sa kaniya, na nagsasabi, Maawa ka sa akin, Oh Panginoon, ikaw na Anak ni David; ang aking anak na babae ay labis na nababalisa sa isang demonyo. (23) **Ngunit hindi siya sumagot ng isang salita.** At nagsilapit ang kaniyang mga alagad at ipinamanhik sa kaniya, na sinasabi, **Paalisin mo siya; sapagka't siya'y sumisigaw sa likuran natin.** (24) Datapuwa't siya'y sumagot at nagsabi, **Hindi ako sinugo kundi sa mga nawawalang tupa ng sambahayan ni Israel.** (25) Nang magkagayo'y lumapit siya at sinamba siya, na nagsasabi, Panginoon, tulungan mo ako. (26) Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi, **Hindi marapat na kunin ang tinapay ng mga anak, at ihagis sa mga aso.** (27) At sinabi niya, Katotohanan, Panginoon: gayon ma'y ang mga aso ay kumakain ng mga mumo na nahuhulog mula sa dulang ng

kanilang mga panginoon. (28) Nang magkagayo'y sumagot si Hesus at sinabi sa kaniya, **Oh babae, malaki ang iyong pananampalataya:** mangyari sa iyo ang ayon sa iyong ibig. At ang kanyang anak na babae ay gumaling mula sa oras na iyon. *Mateo 15:21-28*

Sa sitwasyong ito, bilang buhay na Kautusan ng Diyos / Salita ng Diyos, ipinakita ni Hesus sa Kaniyang mga alagad ang kanilang pagiging mapanghusga sa lahi upang ipakita sa kanila ang kanilang kasalanan, at upang subukin din ang pananampalataya ng babaeng taga-Sidon na kailangang mapagtagumpayan ang sarili niyang pagkiling laban sa isang Mesiya na Judio. Makikita natin na sa pagkakataong ito, ang kautusan ay hindi nagsalamin ng tunay na karakter ng Diyos, kundi ang makasalang kaisipan ng mga alagad, sapagkat sila ay nakikinig lamang ngunit hindi isinasabuhay ang kautusan:

Datapuwa't maging tagatupad kayo ng salita, at huwag tagapakinig lamang, na dinadaya ninyo ang inyong sarili. (23) **Sapagkat kung ang sinuman ay tagapakinig ng salita at hindi tagatupad, siya ay tulad ng isang tao na pinagmamasdan ang kanyang likas na mukha sa salamin;** *Santiago 1:22-23*

Isa pang katulad na halimbawa ang makikita natin sa talinghaga ni Hesus tungkol sa taong mayaman at kay Lazaro:

At nangyari, na ang pulubi ay namatay, at dinala ng mga anghel sa sinapupunan ni Abraham: ang mayaman naman ay namatay, at inilibing; (23) At sa impiyerno ay itiningin niya ang kaniyang mga mata, na nasa mga pagdurusa, at nakita si Abraham sa malayo, at si Lazaro sa kaniyang sinapupunan. (24) At siya'y sumigaw at nagsabi, Amang Abraham, maawa ka sa akin, at suguin mo si Lazarus, upang isawsaw niya ang dulo ng kaniyang daliri sa tubig, at palamigin ang aking dila; sapagka't ako'y pinahihirapan sa alab na ito. *Lucas 16:22-24*

Sa talinghagang ito, **hinarap ni Kristo ang mga tao ayon sa antas ng kanilang pagkaunawa. Ang aral tungkol sa may malay na kalagayan ng buhay sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ay pinaniniwalaan ng marami sa mga**

nakikinig sa mga salita ni Kristo. Alam ng Tagapagligtas ang kanilang mga paniniwala, kaya **inihayag Niya ang Kaniyang talinghaga sa paraang makapagtuturo ng mahahalagang katotohanan sa pamamagitan ng mga paniniwalang iyon. Itinapat Niya sa harap ng mga nakikinig sa Kanya ang isang salamin upang makita nila ang kanilang tunay na kalagayan sa harap ng Diyos.** Ginamit Niya ang umiiral na paniniwala upang ipahayag ang ideyang nais Niya iparating sa lahat—na walang tao ang pinahahalagahan dahil sa kanyang mga ari-arian; dahil lahat ng mayroon siya ay utang lamang mula sa Panginoon. Ang maling paggamit ng mga kaloob na ito ay maglalagay sa kanya sa ibaba pa ng pinakamahirap at pinakamasakit na taong nagmamahal sa Diyos at nagtitiwala sa Kanya. *COL 263.2*

Ang layunin ng prosesong ito, kung saan ang batas ay nagpapakita ng iniisip ng makasalanang, ay upang matulungan ang makasalanang na makita ang kanyang tunay na kalagayan — isang pagsusuri ng kanyang “tunay na ugnayan sa Diyos” — upang siya ay mapunta sa pagsisisi at mabigyan ng kakayahang tanggapin ang saganang biyaya ng kaligtasan mula sa Diyos:

Bukod dito'y pumasok ang kautusan, upang ang pagkakasala ay managana. Ngunit kung saan ang kasalanan ay dumami, ang biyaya ay higit na sumagana. *Roma 5:20*

Gayunpaman, kapag tinanggihan ng mga makasalanang ang bawat pagkakataon na ibinigay sa kanila ng Diyos at ganap nilang nakilala ang kanilang mga sarili sa kanilang mga kasalanan, kung gayon ang parehong sumasalamin na gawain ng batas ay magpapahintulot sa kanilang pagkawasak sa pamamagitan ng kanilang mga kasalanan:

Ang kayamanan, kapangyarihan, talino, husay sa pagsasalita, kayabangan, baluktot na pag-iisip, at pagnanasa ay ginagamit ni Satanas bilang mga kasangkapan sa paggawa ng kanyang Gawain, ang gawing kaakit-akit ang malapad na daan, at tabunan ito ng mga nakakaakit na bulaklak. Ngunit bawat salitang kanilang sinabi laban sa Tagapagligtas ng mundo **ay babalik sa kanila, at balang araw ay susunugin ang kanilang mga may kasalanang kaluluwa tulad ng tunaw na tingga.** Magugulat sila ng labis na takot at kahihiyan nang makita nila ang

Kataas-taasang dumarating sa ulap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. Pagkatapos ay makikita ng matapang na tagapaglaban, na nagmataas laban sa Anak ng Diyos, ang kanyang sarili sa tunay na kadiliman ng kanyang pagkatao. Ang pagkakita sa hindi maipaliwanag na kaluwalhatian ng Anak ng Diyos ay magiging labis na masakit para sa mga taong ang pagkatao ay may dungis ng kasalanan. Ang dalisay na liwanag at kaluwalhatianang nagmumula kay Kristo ay magpapagising ng pagsisisi, kahihiyan, at matinding takot. Isisigaw nila nang may matinding dalamhati sa mga bato at bundok, “Mahulog kayo sa amin, at itago ninyo kami mula sa mukha Niya na nakaupo sa trono, at mula sa galit ng Kordero; sapagkat dumating na ang dakilang araw ng Kaniyang poot, at sino ang makatatayo?” *RH April 1, 1875, par. 7*

Ang Pahayag ng Krus

Ang misteryo ng krus ay nagpapaliwanag sa lahat ng iba pang misteryo. Sa liwanag na nagmumula sa Kalbaryo, ang mga katangian ng Diyos na dati'y nagdulot sa atin ng takot at pangamba ay nagiging kaaya-aya at kahanga-hanga. Ang awa, kahabagan, at pagmamahal ng isang magulang ay makikitang kasamang umuukit sa kabanalan, katarungan, at kapangyarihan. Habang ating minamasdan ang kamahalan ng Kanyang trono na mataas at dakila, nakikita natin ang Kanyang karakter sa Kanyang mahabaging mga pagpapahayag, at nauunawaan natin nang higit kailanman ang kahulugan ng Kanyang kaibig-ibig na tawag na, “Ating Ama.” *GC 652.1*

Sa krus ay nakita na ang kasalanan ay tunay ngang kamatayan. Sinabi na ito ng Diyos mula pa sa simula:

Nguni't sa puno ng pagkakilala ng mabuti at masama, ay huwag kang kakain niyaon: sapagka't sa araw na kumain ka niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka. *Genesis 2:17*

Ang dahilan kung bakit hindi agad namatay sina Adan at Eba ay dahil si Kristo ay nagsimulang mamatay bilang kahalili nila:

...ang Korderong pinatay mula pa sa pagkakatatag ng mundo.
Pahayag 13:8

Yumakap si Adan sa pilosopiya ni Satanas, at ito ay hayagang nahayag sa pamamagitan ng pagkain ng bunga ng punongkahoy ng kaalaman sa mabuti at masama. Ayon sa pilosopiyang ito, ang Diyos ay hindi tunay na nagmamalasakit sa kapakanan ng tao, at ang Kanyang mga kaloob ay ginagamit lamang upang mapasailalim sa Kanyang kapangyarihan ang lahat ng nasa Kanyang kaharian:

At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay: (5) Sapagka't nalalaman ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon, kung magkagayo'y madidilat ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang mga dios, na nakakakilala ng mabuti at masama. *Genesis 3:4, 5*

Ang Pagtatago ng Mukha ng Diyos

Dahil sa kaisipang ito, nagsimulang maniwala si Adan at ang kanyang asawa na hindi ang kasalanan ang nagdadala ng kamatayan, kundi ang Diyos ang pumapatay sa lumalabag sa Kanyang kautusan. Ito ang nagpapaliwanag sa kanilang naging reaksiyon pagkatapos nilang mahulog sa kasalanan:

At narinig nila ang tinig ng Panginoong Diyos na naglalakad sa halamanan sa malamig na araw: at itinago ni **Adan at ng kanyang asawa ang kanilang mga sarili mula sa harapan ng Panginoong Diyos** sa gitna ng mga puno ng halamanan. *Genesis 3:8*

Ang kaisipang ito ay tumatak nang malalim sa isipan ng lahat ng mga inapo ni Adan. Ngayon ay mas madali nating mauunawaan kung bakit nakikita ng natural na tao sa kamatayan sa Kalbaryo ang isang direktang gawa ng Diyos:

Tunay na dinala niya ang ating mga dalamhati, at dinala ang ating mga kapanglawan: **gayon ma'y ating itinuring siyang hinampas, sinaktan ng Dios**, at dinalamhati. *Isaias 53:4*

Hindi ang Diyos kundi ang kasalanan ang pumatay kay Hesus sa krus, itinatago ang maawaing mukha ng Kanyang Ama:

At nang malapit na ang ikasiyam na oras ay sumigaw si Hesus ng malakas na tinig, na nagsasabi, Eli, Eli, lama sabachthani? na ang ibig sabihin, Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaang? *Mateo 27:46*

Dito ay nagsalita si Hesus mula sa mga unang salita ng Awit 22, na hinulaang 1000 taon na ang nakaraan ng Kanyang karanasan sa krus. Dagdag pa sa Awit na ito makikita natin ang katotohanan kung itinago ng Ama ang Kanyang mukha sa Kanyang Anak:

Sapagka't hindi niya hinamak o kinasusuklaman ang kadalamhatian ng nagdadalamhati; **ni itinago man niya ang kaniyang mukha sa kaniya**; nguni't nang siya'y dumaing sa kaniya, kaniyang narinig. *Awit 22:24*

Ang Ama ay naroon at nagdusa kasama ng Kanyang Anak, ngunit hindi iyon naramdaman ni Hesus, dahil ang pagkakasala para sa kasalanan ng mundo ay nakapalibot sa Kanya sa kadiliman:

Sa makapal na kadiliman ay nakatago ang presensya ng Diyos. Ginawa Niyang kublihan ang kadiliman, at tinakpan Niya ang Kaniyang kaluwalhatian mula sa paningin ng tao. Ang Diyos at ang Kaniyang mga banal na anghel ay nasa tabi ng krus. **Kasama ng Ama ang Kanyang Anak. Ngunit ang Kanyang presensya ay hindi nahayag.** Kung ang Kanyang kaluwalhatian ay biglang lumiwanag mula sa ulap, bawat taong makakakita nito ay mapapahamak. At sa kakila-kilabot na oras na iyon, si Kristo ay hindi pinalakas ng presensya ng Ama. Kanyang tinahak ang pisaan ng ubas na mag-isa, at sa mga tao ay wala ni isa mang sumama sa Kanya. {DA 753.4}

Ang walang dungis na Anak ng Diyos ay nakabayubay sa krus, ang Kanyang laman ay sugat-sugatan ng mga latay; ang mga

kamay na madalas iunat sa pagpapala ay ipinako sa kahoy; ang mga paang walang pagod sa paglilingkod ng pag-ibig ay itinarak sa punongkahoy; ang ulo Niyang marangal ay tinarakan ng koronang tinik; ang Kanyang nanginginig na mga labi ay humugis sa sigaw ng dalamhati. At lahat ng Kanyang tiniis—ang mga patak ng dugo na tumulo mula sa Kanyang ulo, mga kamay, at mga paa, ang matinding paghihirap na bumalot sa Kanyang katawan, at ang di-maipahayag na dalamhati sa Kanyang kaluluwa dahil **sa pagtatago ng mukha ng Kanyang Ama**—ay nagsasalita sa bawat anak ng sangkatauhan, na nagsasabing, **Para sa iyo, tinanggap ng Anak ng Diyos na pasanin ang bigat ng kasalanan**; para sa iyo, Kanyang ginapi ang kapangyarihan ng kamatayan at binuksan ang mga pintuan ng Paraiso. DA 755.1

Ang mukha ng Diyos ay waring itinago sa minamahal Niyang Anak, sapagkat sa mismong sandaling iyon si Kristo ang Tagapasan ng mga kasalanan:

Pinahihintulutan ng Diyos na ibigay ang Kanyang Anak para sa ating mga pagkakasala. **Siya mismo ay kumikilos patungo sa Tagapagdala ng Kasalanan ng karakter ng isang hukom, na inalis ang Kanyang sarili sa mga kagiliw-giliw na katangian ng isang ama. FLB 104.7**

Hindi tumigil ang Diyos sa pagmamahal sa Kanyang Anak. Ang Diyos ay pag-ibig at hindi nagbabago ang Kanyang pagkatao at Kanyang likas na karakter. Kung gayon, ano ang ibig sabihin na sa Tagapagdala ng kasalanan ay inako Niya ang karakter ng isang hukom? Ibig sabihin nito, **mula sa pananaw ng Tagapagdala ng kasalanan, hindi niya nakikita ang maawain na mga katangian ng ating Amang nasa langit, dahil ang kaisipan ng kasalanan ang siyang nagtatakip nito sa kanyang paningin**. Ang kalagayang ito ng pagkahiwalay sa Diyos at pag-iwan sa tao sa resulta ng kasalanan ay siyang tinatawag na poot ng Diyos:

Siya, ang Tagapasan ng kasalanan, **ay tiniis ang poot ng banal na katarungan, at alang-alang sa iyo ay naging kasalanan mismo. DA 755.1**

Ito ay hindi pagbabago ng ugali o karakter na pagkatao ng Diyos, na para bang tumigil Siya sa pagpapakita ng awa dahil naubos na ang Kanyang pagtitiyaga. Ganito ang pagkakakilala ng makasalanan sa Diyos. Nakikita natin kung

paano ipinahayag ni Cain ang ganitong pag-iisip matapos niyang patayin ang kanyang kapatid:

At sinabi ni Cain sa Panginoon, Ang parusa sa akin ay higit sa aking makakaya. (sa gilid: Ang aking kasamaan ay napakalaki upang mapatawad) Genesis 4:13

Ipinapakita ng tala sa gilid ng tagapagsalin na sa orihinal na wikang Hebreo ay kasama ang kaisipan na iniisip ni Cain na hindi mapapatawad ang kanyang kasalanan. Ang kaisipang ito ay isinalin din sa Douay-Rheims 1899 American Edition gayundin sa salin ni Wycliffe

At sinabi ni Cain sa Panginoon: Ang aking kasamaan ay higit pa kaysa sa dapat patawarin. Genesis 4:13 (DRA)

At sinabi ni Cain sa Panginoon, Ang aking kasamaan ay higit pa kaysa sa karapat-dapat akong patawarin; Genesis 4:13 (Wycliffe)

Sinabi ito ni Adam Clarke sa kaniyang paliwanag tungkol sa Genesis 4:13:

Ang orihinal na mga salita ay maaaring isalin bilang, **“*Napakalaki ba ng aking kasalanan upang hindi mapatawad?*”** — mga salitang masasabi nating binigkas niya habang nasa bingit ng matinding kawalang-pag-asa. Malaki ang posibilidad na ang salitang Hebreo na *avon* ay tumutukoy sa *kasalanan* kaysa sa *parusa*; sa ganitong kahulugan ito ginamit sa Levitico 26:41; Levitico 26:43; 1 Samuel 28:10; 2 Hari 7:9; at ang [Hebreo na salitang] *nasa* ay nangangahulugang magpatawad o magpalibing. **Kaya, mas mainam ang pagbasa sa *gilid* ng teksto kaysa sa mismong teksto.**

Ganito ang pag-iisip ng kasalanan. Sa pamamagitan ng ganitong panlilinlang, pinapatay ng kasalanan ang tao gamit ang Batas ng Diyos:

At ang utos, na itinalaga sa buhay, ay nasumpungan kong sa kamatayan. (11) Sapagka't ang kasalanan, na kumuha ng pagkakataon sa pamamagitan ng utos, **ay dinaya ako, at sa pamamagitan nito ay pinatay ako.** Roma 7:10, 11

Makikisama ba sa iyo ang luklukan ng kasamaan, na **gumagawa ng kasamaan sa pamamagitan ng kautusan?** *Awit 94:20*

Ang buong bigat ng kasalanan, kasama ang mali at mapanlinlang na pag-iisip na kalakip nito, ay dumagan kay Hesus at dumurog sa Kanyang kaluluwa, kaya't natakpan ang mukha ng Kanyang mahal na Ama:

Si Satanas, sa pamamagitan ng matitinding tukso, **ay nagpahirap at nagpiga sa puso ni Hesus. Ang kasalanan, na labis na kasuklam-suklam sa Kanyang paningin, ay ibinuhos sa Kanya hanggang Siya'y napaungol sa bigat nito.** Hindi nakakagulat na ang Kanyang sangkatauhan ay naninig sa nakakatakot na oras na iyon. Namangha ang mga anghel habang pinagmamasdan ang matinding paghihirap ng Anak ng Diyos, ***isang paghihirap na labis sa bigat at tindi kung ihahambing sa pisikal Niyang sakit, kaya halos hindi Niya na ito naramdaman.*** Ang mga hukbo ng langit ay nagtakip ng kanilang mga mukha sa nakatatakot na tanawin. *SR 225.2*

Hindi naging malinaw hanggang nangyari ito na ang bunga ng kasalanan ay “tiyak na mamamatay kayo” (Genesis 2:17). Walang sinumang tao ang kailanman bumagsak sa ganap na kadiliman ng huling kamatayan na dulot ng kasalanan bago si Hesus, at wala ring bumagsak mula nang mamatay si Hesus. Para sa mga taong tumatanggi sa Kanyang sakripisyo, maiintindihan nila ang naramdaman ni Hesus sa pagtatapos ng 1000 taon sa ikalawang pagkabuhay muli.

Walang sinuman ang namatay sa ganitong uri ng kamatayan na pinagdaanan ni Hesus, kaya tinatawag Siya sa Kasulatan bilang pinakamagulang mula sa mga patay, kahit na hindi Siya ang unang nabuhay mula sa mga patay ayon sa pagkakasunod-sunod ng panahon:

At mula kay Hesu-Kristo, na siyang tapat na saksi, at ang panganay sa mga patay,... *Pahayag 1:5*

At siya ang ulo ng katawan, ang iglesia: na siyang pasimula, ang panganay sa mga patay; upang sa lahat ng bagay ay magkaroon siya ng kadakilaan. *Colosas 1:18*

Ipinapakita sa Kasulatan na hindi itinuturing ng Diyos na ganap ang kamatayang naranasan ng lahat ng tao sa kasaysayan – ito’y itinuturing

lamang na pagtulog:

At marami sa kanila na **nangatutulog sa alabok** ng lupa ay mangagigising, ang **iba'y** sa walang hanggang buhay, at ang **iba'y** sa kahihiyang at walang hanggang paghamak. Daniel 12:2

Kahit ang masasama ay inilalarawan na natutulog, dahil hindi pa ito ang pinakahuling kamatayan. Mas matibay pa nga ang mga pahayag ni Hesus tungkol sa mga matuwid na natutulog:

Nguni't tungkol sa pagkabuhay na maguli ng mga patay, hindi ba ninyo nabasa ang sinalita sa inyo ng Dios, na nagsasabi, (32) Ako ang Diyos ni Abraham, at ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob? Ang Diyos ay hindi Diyos ng mga patay, kundi ng mga buhay. *Mateo 22:31, 32*

Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang buhay: ang sumasampalataya sa akin, bagaman siya ay patay, gayon ma'y mabubuhay siya: (26) At **ang sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman**. Naniniwala ka ba dito? *Juan 11:25, 26*

Ang Paghatol

Ibinigay sa atin ng mapagmahal nating Ama ang Kanyang mahalagang Anak upang mamatay sa kamatayang bunga ng ating mga kasalanan — isang kamatayang hindi na sana Niya muling nabuhay kung Siya ay nagkasala kahit isang beses lamang. Ginawa Niya ito upang tayo ay makaranas ng pagtrato na nararapat sa Kanyang Anak, at ito ay ang mabuhay magpakailanman. Subalit, dahil hindi pinipilit ng Diyos ang sinuman na tanggapin ang kamatayan ng Kanyang Anak bilang kapalit, magkakaroon ng ikalawang kamatayan:

At nakita ko ang **isang malaking luklukang puti, at ang nakaupo doon**, na sa kaniyang mukha ay tumakas ang lupa at ang langit; at walang nasumpungang lugar para sa kanila. (12) At nakita ko **ang mga patay**, maliliit at malalaki, na nakatayo sa harap ng Diyos; at nangabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at **ang mga patay** ay hinatulan ayon sa mga bagay na nakasulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa. (13) At ibinigay ng dagat **ang mga patay** na

nasa loob nito; at ibinigay ng kamatayan at ng impiyerno ang mga patay na nasa kanila: at sila'y hinatulan **bawa't tao ayon sa kanilang mga gawa.** (14) **At ang kamatayan at ang impiyerno ay itina-pon sa dagatdagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan.** *Pahayag 20:11-15*

Matatagpuan ang talatang ito kaagad pagkatapos ng paglalarawan ng apoy na tumutupok sa mga masasama, na siyang paksa ng ating pag-aaral. Ito ay lumilitaw bilang paliwanag sa mga talatang iyon, dahil inuulit nito ang pangyayari sa ibang paraan. Ipinapakita nito na ang paghatol ay nagmumula sa paghahayag ng karakter ng Nakaupo sa dakilang puting luklukan. Mahalaga ring pansinin na ang mga tumatanggap ng hatol ay tinatawag na mga patay (kahit pagkatapos silang muling buhayin), sapagkat sila ay “patay dahil sa kanilang mga kasalanan at pagsuway” (Efeso 2:1, 2, 5). Kaya ang kanilang kahatulan ay pagpapakita lamang ng kung ano na ang espirituwal na nangyari sa kanila noon pa. Itina-pon din ang kamatayan at impiyerno sa lawa ng apoy, na nangangahulugang hindi direktang isinagawa ng Diyos ang hatol, dahil kung Siya ang direktang gagawa nito, ang kamatayan sana ang naging walang hanggan sa Kanya sa halip na ita-pon sa lawa ng apoy. Sa huli, ang hatol sa mga taong ito ay bunga ng kanilang pagtangga na tanggapin na namatay si Hesus para sa kanila. Ibig sabihin, ang kamatayan ni Kristo sa krus ay katulad ng kamatayan ng mga taong ito, dahil sila ay namamatay na nilamon ng kanilang mga kasalanan:

Sapagkat ang mga katawan ng mga hayop na iyon, na ang dugo ay dinadala ng mataas na saserdote sa santuwaryo para sa kasalanan, ay sinusunog sa **labas ng kampo.** (12) Kaya't si Hesus naman, upang mapabanal niya ang mga tao sa pamamagitan ng kanyang sariling dugo, ay nagdusa sa **labas ng pintuan.** *Hebreo 13:11-12*

Naramdaman ni Kristo ang matinding paghihirap na mararanasan ng makasalanan kapag ang awa ay hindi na mamamagitan para sa makasalang sangkatauhan. Ang bigat ng kasalanan, na nagdala ng galit ng Ama sa Kanya bilang kahalili ng tao, ang siyang nagpasidhi sa pait ng Kanyang iniinuman na saro, at siyang dumurog sa puso ng Anak ng Diyos. DA 753.2

Yaong mga tumatanggi sa awa na malayang iniaalok ay darating ang panahon na mauunawaan nila ang tunay na halaga ng kanilang hinamak. **Mararamdaman nila ang matinding paghihirap na tiniis ni Kristo sa krus** upang mabili ang kaligtasan para sa lahat ng tatanggap nito. At sa oras na iyon, mapagtatanto nila ang kanilang nawalan—ang buhay na walang hanggan at ang walang hanggang pamana. RH Sept. 4, 1883

Ang sa labas ng kampo ay tumutukoy sa lugar kung saan ang tagapagdala ng kasalanan ay hindi na makikita ang maawaing mukha ng ating Ama. Tungkol sa lugar na ito, ganito ang pagkakasabi ni Hesus:

At nagalit ang kaniyang panginoon, at **ibinigay siya sa mga nagpapahirap**, hanggang sa mabayaran niya ang lahat ng nararapat sa kaniya. (35) **Gayon din naman ang gagawin sa inyo ng aking Amang nasa langit**, kung hindi ninyo patatawarin ng bawa't isa sa inyong mga puso ang kaniyang kapatid sa kanilang mga kasalanan. *Mateo 18:34, 35*

At sila'y ihahagis sa isang hurno ng apoy: magkakaroon ng panaghoy at pagngangalit ng mga ngipin. *Mateo 13:42*

Nang magkagayo'y **sinabi ng hari sa mga alipin, Gapusin** ninyo siya sa mga kamay at paa, at dalhin ninyo siya, at itapon sa **kadiliman sa labas**; magkakaroon ng **pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin**. *Mateo 22:13*

Ang espirituwal na kadiliman ay kalagayan kung saan ang mga makasalanan ay lubos nang nakiisa sa kaisipan ng kasalanan, kaya't hindi na nila kayang makita at maunawaan ang liwanag na nagmumula sa karakter ng Diyos. Sa bawat pagkakataon na binabanggit ni Hesus ang tungkol sa lugar o kalagayang ito, ang paghatol ay isinasagawa sa pamamagitan ng iba: ang mga “tagapagpahirap” o “mga alipin” ang siyang “magbibigkis” at “magtatapon” sa kanila. Pinatutunayan nito na ang Diyos ay hindi ang direktang tagapagpatupad ng parusang kamatayan; kundi ito ay bunga ng kanilang sariling mga kasalanan sa harapan ng Kanyang maluwalhati at mapagmahal na presensya:

Ito ay hindi gawa ng di-makatwirang kapangyarihan mula sa Diyos. Ang mga tumatanggi sa Kanyang awa ay **umaani ng bunga ng kanilang itinanim. Ang Diyos ang bukal ng buhay;**

at kapag pinili ng isang tao ang maglingkod sa kasalanan, siya'y humihiwalay sa Diyos, at sa gayon ay pinuputol niya ang sarili mula sa buhay. Siya ay "hiwalay sa buhay na mula sa Diyos." Sabi ni Kristo, "Lahat ng mga napopoot sa Akin ay nagmamahal sa kamatayan." Efeso 4:18; Kawikaan 8:36. Binibigyan sila ng Diyos ng buhay sa pansamantalang panahon upang mapanday nila ang kanilang karakter at maipakita ang kanilang mga paniniwala. **Kapag natapos na ito, tatanggapin nila ang bunga ng kanilang sariling pagpili**. Sa pamamagitan ng buhay na puno ng pag-aalsa, inilalagay ni Satanang at ng lahat ng sumasama sa kanya ang kanilang sarili **nang lubhang taliwas sa Diyos, kaya ang mismong presensya Niya ay nagiging apoy na sumusunog sa kanila. Ang kaluwalhatian ng Diyos na Pag-ibig ang siyang sisira sa kanila.**

Sa simula ng dakilang pagtatalo, hindi pa ito naunawaan ng mga anghel. **Kung noon ay iniwan na si Satanang at ang kanyang hukbo na aanihin ang buong bunga ng kanilang kasalanan, sila ay mawawasak; ngunit hindi mauunawaan ng mga nilalang sa langit na ito ang hindi maiiwasang bunga ng kasalanan.** Mananatili sa kanilang isipan ang pagdududa sa kabutihan ng Diyos bilang masamang binhi, na magbubunga ng mapaminsalang kasalanan at kapighatian.

Ngunit hindi na ganoon kapag ang dakilang pagtatalo ay magwawakas na. Sa panahong iyon, matapos maisakatuparan ang plano ng pagtubos, **ang karakter ng Diyos ay ganap na mahahayag sa lahat ng nilikhang may talino.** Ang mga utos ng Kanyang kautusan ay makikitang ganap at hindi nagbabago. Sa panahong iyon, **ang kasalanan ay lubos nang maipapakita ang tunay nitong likas, at si Satanang ang kanyang tunay na karakter.** Sa wakas, ang paglipol sa kasalanan ay magpapatunay ng pag-ibig ng Diyos at magpapatatag ng Kanyang karangalan sa harap ng buong sansinukob ng mga nilalang na nasisiyahan sundin ang Kanyang kalooban at sa puso ng bawat isa ay nasa Kanyang kautusan. DA 764.1-3

Sa liwanag ng krus, mauunawaan natin na ang poot ng Diyos ay lubos na naiiba sa iniisip ng maraming tao.

Naramdaman ni Kristo ang halos kaparehong damdamin na mararanasan ng mga makasalanang *kapag ibinuhos na ang mga mangkok ng poot ng Diyos sa kanila*. Itim na kawalang-pag-asa, na parang lambong ng kamatayan, ang sasaklaw sa kanilang makasalanang kaluluwa, at sa oras na iyon ay lubos nilang mauunawaan kung gaano kasama ang kasalanan. 2T 210.1

Narito ang isa sa mga biblikal na kahulugan ng galit ng Diyos:

At sinabi niya sa kanila, Matuwid бага ang gumawa ng mabuti sa mga araw ng sabbath, o gumawa ng masama? ang magligtas ng buhay, o ang pumatay? Ngunit tumahimik sila. (5) At nang tumingin siya sa palibotlibot sa kanila na may galit, na nagdadalamhati sa katigasan ng kanilang mga puso, ay sinabi niya sa lalaki, Iunat mo ang iyong kamay. At kaniyang iniunat: at ang kaniyang kamay ay gumaling na gaya ng isa. *Marcos 3:4, 5*

Ang galit ni Hesus ay nagmumula sa Kanyang matinding dalamhati dahil sa katigasan ng puso ng mga tao. Ito ay hindi galit na nagtutulak sa Kanya upang wasakin ang mga tao, sapagkat iyon ay paglabag sa Ika-anim na Utos at salungat sa Kanyang karakter, sa halip, ito ay lungkot na dulot ng katotohanang hinayaan ng Kanyang mga anak na paghiwalayin sila ng kasalanan mula sa Kanya, kaya't nawalan sila ng Kanyang mga pagpapala—na sa huli ay humahantong sa kamatayan, sapagkat pinutol nila ang kanilang sarili mula sa pinagmumulan ng buhay. Ang kasunod na ginawa ni Hesus ay hindi pagpatay, kundi ang mahabaging pagpapagaling sa lalaking tuyo ang kamay.

Kaya ano ang inihahayag sa atin ng hiwaga ng krus tungkol sa paraan ng pagkamatay ng masasama matapos ang sanlibong taon? Ang pumatay kay Kristo ay hindi ang pisikal Niyang paghihirap mula sa mga pako at mga palo; sinasabi sa atin na halos hindi Niya naramdaman ang pisikal na sakit, sapagkat ang matinding paghihirap ng Kanyang kaluluwa dahil sa kasalanan ng sanlibutan ay higit na mas mabigat kaysa sa anumang pisikal na kirot. Alam din natin na ang pisikal na paghihirap ni Kristo ay isinagawa sa pamamagitan ni Satanas at hindi ng Diyos, simula nang pumasok si Satanas sa puso ni Judas upang ipagkanulo si Hesus. Sinasabi rin sa atin na ang kamatayan ng mga makasalanang ay magiging halos kapareho. Sa katunayan, pagdating sa pagkamatay nila dahil sa kanilang sariling mga kasalanan sa harap ng liwanag

ng banal na kautusan ng Diyos, ang kanilang kamatayan ay ganap na katulad ng naranasan ni Kristo. Siya ang unang namatay sa ganitong uri ng kamatayan upang wala nang sinuman ang kailangang mamatay sa paraang iyon. Ang tanging pagkakaiba ay si Kristo ay nakakapit sa pananampalataya sa awa ng Kanyang Ama, na naniniwala sa Awit 16:10-11 at dahil dito, hindi Siya tuluyang nahiwalay sa Kanyang Ama, samantalang ang makasalanan ay naniniwalang ganap na ang pagkakahiwalay at iniisip na iiwan ng Diyos ang kanyang kaluluwa sa impiyerno.

Sapagka't hindi mo iiwan ang aking kaluluwa sa impiyerno, ni iyong pahihintulutan ang iyong Banal na makakita ng kabulukan. Iyong ipinaalam sa akin ang mga daan ng buhay; pupuspusin mo ako ng kagalakan sa iyong mukha. *Gawa 2:27-28*

Ang pananampalatayang ito sa awa ng Diyos, kahit nasa kadiliman tayo at pasan ang lahat ng ating mga kasalanan, ang iniaalok sa atin ni Hesus. Dito nagtagumpay si Hesus laban sa katigasan ng puso ng sanlibutan.

Ang Banal na Huwaran ng Apoy

Ang pisikal at espirituwal na paghihirap ni Hesus ay sumusunod sa banal na huwaran ng pinagmulan at daluyan:

Upang ang kanilang mga puso ay maaliw, na magkakasama sa pagibig, at sa lahat ng kayamanan ng lubos na katiyakan ng pagkaunawa, sa pagkakilala sa hiwaga ng Dios, **at ng Ama, at ni Kristo; (3) Na kung saan nakatago ang lahat ng mga kayamanan ng karunungan at kaalaman.** *Colosas 2:2-3*

Datapuwa't sa atin ay may **isang Dios lamang, ang Ama, na buhat sa kaniya** ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa kaniya; at isang **Panginoong Hesu-Kristo, na sa pamamagitan niya** ang lahat ng mga bagay, at tayo ay sa pamamagitan niya. *1 Corinto 8:6*

Ang Diyos, na sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan ay nagsalita noong nakaraan sa mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, (2) Sa mga huling araw na ito ay nagsalita sa atin sa pamamagitan ng kanyang Anak, na kanyang itinalagang

tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan din niya ginawa niya ang mga sanglibutan; (3) **Na siyang ningning ng kanyang kaluwalhatian, at ang malinaw na larawan ng kanyang pagkatao,...** *Hebreo 1:1-3*

Ang Diyos na hindi nakikita ay nahayag sa pamamagitan ng Kanyang Anak – ang ating Panginoong Hesu-Kristo. Bilang isinilang mula sa Diyos, ipinakikita at niluluwalhati ni Kristo ang kaluwalhatian ng Kanyang Ama. Sa pamamagitan ng ganitong uri ng kaugnayan, mas nauunawaan natin ang ugnayan sa pagitan ng pisikal (nakikita) at espirituwal (hindi nakikita) na paghihirap ni Kristo sa krus. Ang konklusyon mula sa huwaran na ito ay na ang pinagmulan ng pagdurusa ni Kristo ay ang kasalanan at hindi ang pisikal na pagpapahirap sa Kanya. Namatay si Kristo dahil sa bigat ng kasalananang dumurog sa Kanyang kaluluwa, hindi dahil sa pisikal na pagpapako sa krus. Iyon ang dahilan kung bakit nagulat si Pilato na Siya ay agad na namatay, sapagkat sa pisikal na kalagayan ay dapat mas matagal pa bago Siya namatay (tingnan ang Marcos 15:44); ang dalawang kriminal na kasabay ni Hesus ay buhay pa nang Siya ay namatay, kaya't kinailangang baliin ang kanilang mga binti upang mapabilis ang kanilang kamatayan (Juan 19:31-33).

Ang pisikal na pagdurusa ay pagpapahayag lamang ng matinding paghihirap ng Kanyang kaluluwa. Ganoon din sa mga mamamatay sa ikalawang kamatayan—ang pinagmumulan ng pagdurusa ay espirituwal, ang nag-aapoy na pagkapuksa ng kanilang mga kasalanan sa harap ng mapagmahal nilang Ama at ng Kanyang Anak. Kaya't ang espirituwal na pagdurusa ay nagmumula sa matinding damdamin ng pagkakasala, at ang pisikal na pagdurusa ay pagpapakita ng galit ni Satanas.

Muli, ito ay ipinakita sa mga handog sa Lumang Tipan. Ang makasalanan ang pumapatay sa hayop, at pagkatapos ay sinusunog ito sa dambana. Sa pamamagitan ng simbolong ito, ipinapakita na ang pinagmumulan ng pagdurusa at kamatayan ay hindi ang pisikal na apoy na tumupok sa handog, kundi ang karanasan ng pagkakasala sa kasalanan. Sa pamamagitan ng pagkukumpisal ng kasalanan sa walang-salang handog at ang pagpatay nito sa pamamagitan ng sariling kamay, dapat mapagtanto ng makasalanan na ang kanyang kasalanan ang siyang pumatay kay Kristo. Alam din natin na sinabi ng Diyos kay Elias na Siya ay wala sa apoy (1 Hari 19:12). Ngunit nang dumating ang mga Israelita sa Sinai, nakita nila ang kaluwalhatian ng Panginoon na parang apoy na tumutupok (Exodo 24:17). Ang maling pagkaunawa nila sa Diyos ang tumangay sa kanila, at dahil sa panlilinlang ng

maling pananaw na ito, pumasok ang matinding takot sa kanilang mga puso at sa huli ay ikinamatay nila sa ilang (Bilang 14:20–29). Kaya’t ang apoy na tumutupok ay tugon sa pananaw ng makasalanang tungkol sa paghuhukom. Ang Diyos ay wala sa apoy, ngunit ang presensya ng Diyos ang siyang nagpapalabas ng galit at takot sa puso ng makasalanang, na lumilitaw bilang apoy. Ang kasalanan ang kumukuha ng pagkakataon sa pamamagitan ng utos, at ito ang pumapatay sa makasalanang (Roma 7:11).

Sa krus, si Kristo ay namatay ayon sa batas na binago ng kasalanan ng tao, tinanggap Niya ang parusa para sa mga kasalanan ng buong sanlibutan, na Kanyang pinasan sa Kanyang sarili. Gayundin naman, ang mga masama pagkatapos ng milenyo ay mamamatay dahil sa matinding pagdurusa ng kaluluwa, habang lubos nilang nauunawaan ang tunay na kalikasan ng kanilang mga kasalanan sa harap ng kahanga-hangang karakter ng Diyos at ang pagkapaso ng kanilang mga katawan sa pisikal na apoy ay panlabas lamang na pagpapahayag ng pagdurusaang ito. Ang panloob na pagkakasala at apoy sa kaluluwa ay magpapakita bilang literal na apoy. Itinuturo nito sa atin ang banal na huwaran. Habang sinusundan natin ang prosesong ito ayon sa pagkakalarawan sa Espiritu ng Hula, makikita rin natin ang katotohanan na ang tuwirang pinagmumulan ng pisikal na apoy ay hindi ang Diyos, kundi ang makasalanang tugon sa mapagmahal na karakter ng Diyos.

Ang Banal na Huwaran at ang Espiritu ng Propesiya

Bago natin suriin ang isang talata mula sa Dakilang Labanan, kung saan mas detalyadong pinag-uusapan ang paghatol pagkatapos ng isang libong taon, nais kong banggitin na ang mga sulatin ng Espiritu ng Hula ay may banal ding ugnayan sa Bibliya ayon sa isang banal na huwaran. Hindi ito nangyari nang walang dahilan kaya tinawag silang mas maliit na ilaw, dahil tulad ng Buwan, pinapakita rin nila ang liwanag mula sa pinagmulan (ang Araw/ang Bibliya):

Maliit na pansin ang ibinibigay sa Bibliya, kaya’t pinagkalooban ng Panginoon ang mga tao **ng mas maliit na ilaw upang sila ay mapatnubayan** patungo sa **mas dakilang ilaw**. *RH January 20, 1903, Art. B, par. 9*

At gumawa ang Dios ng dalawang dakilang tanglaw; **ang malaking liwanag** upang magpuno sa araw, at **ang maliit na**

liwanag upang magpuno sa gabi: ginawa rin niya ang mga bituin.
Genesis 1:16

Ang buwan ay nagbabalik ng liwanag ng araw at ginagawa itong maliwanag kahit sa madilim na gabi. Kapag naunawaan natin ang ugnayang ito, malalaman natin na ang liwanag mula sa Espiritu ng propesiya ay hindi ang pinagmulan kundi isang daluyan lamang ng liwanag ng Bibliya. Ibinigay ang daluyang ito upang gawing mas madali ang pagkuha sa liwanag ng Bibliya para sa mga taong nabubuhay sa madilim na gabi ng panahon ng wakas ng kasaysayan ng tao. Dahil tayo ay nasa anino ng madilim na panahon, ang espirituwal na pang-unawa ng mundo ay kasing dilim ng hatinggabi dahil sa pag-inom ng alak ng Babilonia — kaya't ibinigay ng Diyos sa atin ang Espiritu ng Propesiya upang bigyan tayo ng kaliwanagan na kailangan dahil sa pagkaantala ng ating mga isipan.

Dahil ganito ang kalagayan, kapag ipinapakita ng Salita ng Diyos ang mga paghatol ng Diyos laban sa masasama sa paraang maaaring makita ng karaniwang tao ang Diyos bilang isang mamamatay-tao, lalo lamang nitong pinatitindi ng Espiritu ng Propesiya ang prosesong iyon. Pinalalakas nito ang kahit anong pananaw na mayroon tayo tungkol sa Diyos. Ang layunin nito ay: ilantad ang ating makasalanang imahinasyon tungkol sa ating Ama at akayin tayo sa pagsisisi. Itanim natin ito sa isip habang binabasa natin ang tungkol sa paghatol pagkatapos ng isang libong taon gaya ng ipinapakita sa huling kabanata ng aklat na Dakilang Labanan.

Sa pagtatapos ng isang libong taon, muling babalik si Kristo sa lupa. Kasama niya ang maraming naligtas at sinasamahan ng mga anghel. Habang Siya ay bumababa nang may **dakilang kapangyarihan**, iniutos Niya sa mga masasamang patay na bumangon upang tanggapin ang kanilang kaparusahan. Sila ay lumabas, isang napakalaking hukbo, na hindi mabilang tulad ng buhangin sa dagat. Anong malaking kaibahan sa mga binuhay sa unang pagkabuhay! Ang mga matuwid ay bihisan ng walang kamatayang kabataan at kagandahan. Ang mga masama naman ay may bakas ng sakit at kamatayan. *GC 662.1*

Ang pokus ay ang kadakilaan ni Kristo — ang kaluwalhatian na nagmumula sa pagkatao ng Kanyang Ama:

Sapagkat ang Anak ng Tao ay paroroon sa **kaluwalhatian ng Kanyang Ama** kasama ang Kanyang mga anghel; at doon ay gagantimpalaan Niya ang bawat tao ayon sa kanyang mga gawa. *Mateo 16:27*

Napapansin natin na ito rin ang sentro sa mga sumusunod na talata:

Ang bawat mata sa napakalaking karamihan ay **nakatuon upang masilayan ang kaluwalhatian ng Anak ng Diyos**. Sa isang tinig, ang mga masasama ay nagsigawan: “Pinagpala ang dumarating sa pangalan ng Panginoon!” Hindi pag-ibig kay Hesus ang nagtutulak ng mga salitang ito. **Ang lakas ng katotohanan ang nagpapalabas ng mga ito mula sa mga labi na ayaw magsalita**. Habang ang mga masasama ay pumasok sa kanilang mga libingan, ganoon din silang muling bumangon na may parehong galit kay Kristo at parehong diwa ng pag-aalsa. Hindi na sila bibigyan ng panibagong pagkakataon upang itama ang mga pagkukulang sa kanilang mga nakaraang buhay. **Wala itong silbi**. Isang buhay ng pagsuway ang hindi nagpabago sa kanilang mga puso. **Kung bibigyan man sila ng pangalawang pagkakataon, gagamitin nila ito tulad ng una, upang iwasan ang mga utos ng Diyos at mag-udyok ng pag-aalsa laban sa Kanya**. GC 662.2

Sa simula, nakikita lamang ng mga masasama ang **panlabas na anyo** ng kaluwalhatian na ito, at ito ang nagpapaatang sa kanila sa katuwiran ng Diyos, katulad ng pagkilala ng mga anak ni Israel sa kaluwalhatian ng Diyos sa Bundok ng Sinai. Mula sa kanilang mga labi ay napipilitang lumabas ang mga salitang hindi nila kailanman sasabihin sa ibang pagkakataon. Ngunit ito ay hindi pagsisisi. Tumigil ang awa sa pagsusumamo para sa kanila, hindi dahil hindi kayang patawarin o ayaw ng Diyos, kundi dahil palagi nilang pinipili ang kanilang mga kasalanan kaysa sa Diyos hanggang sa hindi na nila maranasan ang tunay na pagsisisi.

Sa susunod na limang talata mula sa *Dakilang Labanan* (na hindi isinama dito), pinag-uusapan kung paano ipinakikita ni Satanas sa mga nabuhay na masasama mula sa buong kasaysayan ng tao na siya ang siyang nagbigay sa kanila ng muling pagkabuhay. Pinipilit niya silang sakupin ang gintong lungsod – ang Bagong Jerusalem, kung saan naroon ang mga tinubos, at pinapalakas niya sila gamit ang kanyang sariling espiritu ng pagkamuhi kay

Kristo. Ang napakaraming sundalo ng hukbong iyon ay naghahanda upang sakupin ang lungsod, hindi pinapansin ang mga bukas na pintuan. Ang kanilang kilos ay malinaw na nagpapakita na hindi sila kailanman magsisisi. Pagkatapos, iniutos ni Kristo na isara ang mga pintuan ng lungsod, at muling sumilay ang Kanyang kaluwalhatian na may kapangyarihan:

Ngayon **ay muling nahahayag si Kristo sa paningin ng Kanyang mga kaaway.** Mataas sa ibabaw ng lungsod, sa isang saligan na ginto at nagniningning, naroon ang isang **trono na mataas at matayog.** Sa trono ay nakaupo **ang Anak ng Diyos,** at sa paligid Niya ay ang mga mamamayan ng Kanyang kaharian. **Ang kapangyarihan at kamahalan ni Kristo ay hindi kayang ilarawan ng anumang wika, ni maisulat ng panulat ng tao. Ang kaluwalhatian ng Walang Hanggang Ama ay bumabalot sa Kanyang Anak.** Ang liwanag ng Kanyang presensya ay pumupuno sa Lungsod ng Diyos, at umaagos palabas ng mga tarangkahan, nililiwanagan ang buong daigdig ng Kanyang kaningningan. GC 665.1

Ang mga susunod na talata ay naglalarawan ng masayang kalagayan ng mga matuwid, at pagkatapos ay ating mababasa:

Sa harapan ng mga natipong naninirahan sa langit at sa lupa, **naganap ang huling koronasyon ng Anak ng Diyos.** At ngayon, naipagkaloob na sa Kanya ang kataas-taasang kapangyarihan at kaluwalhatian, ang Hari ng mga hari ay nagbibigay ng hatol sa mga naghimagsik laban sa Kanyang pamahalaan at isinasakatuparan ang katarungan sa mga lumabag sa Kanyang kautusan at umusig sa Kanyang bayan. Sabi ng propeta ng Diyos: “At nakita ko ang isang malaking tronong maputi, at ang nakaupo roon, na ang lupa at langit ay tumakas sa Kanyang harapan; at walang lugar na masumpungan para sa kanila. At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nakatayo sa harapan ng Diyos; at binuksan ang mga aklat: at isa pang aklat ang binuksan, na siyang aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa.” Pahayag 20:11, 12. GC 666.1

Nakikita natin na ang paghatol sa mga masama ay ipinahayag sa konteksto ng huling koronasyon ng Anak ng Diyos, na ngayon ay nababalutan ng kataas-taasang kaluwalhatian at kapangyarihan ng Kanyang Ama. Mahalaga ring

mapansin na ang pangitain ay hindi agad nagpatuloy sa paglalarawan sa Pahayag 20:7–9, kung saan binanggit ang apoy, kundi nagpatuloy ito sa mga talatang kasunod na naglalarawan ng dakila at mataas na trono. Sa ganitong paraan, ipinakikita ng Espiritu ng Hula kung ano ang tunay na **pinagmumulan** ng paghatol, ito ay ang maluwalhating pagpapahayag ng karakter ng Diyos na pag-ibig na walang pag-iimbot. Gaya ng sinabi ni Ellen White sa ibang bahagi:

Ang kasalanan, saan man ito matagpuan, ay sinusunog ng ating Diyos, sapagkat Siya ay isang "apoy na tumutupok." Hebreo 12:29. Sa lahat ng nagpapasakop sa Kanyang kapangyarihan, tutupukin ng Espiritu ng Diyos ang kasalanan. Ngunit kung ang mga tao ay patuloy na kumakapit sa kasalanan, sila ay nagkakaisa rito. Sa gayon, ang kaluwalhatian ng Diyos na tumutupok sa kasalanan ay kailangan ding tumupok sa kanila. *FLB 176.9*

Sa pamamagitan ng isang buhay ng paghihimagsik, si Satanas at ang lahat ng nakikiisa sa kanya ay inilalagay ang kanilang sarili sa labas ng pagkakaisa sa Diyos, kaya't ang mismong presensya ng Diyos ay nagiging isang apoy na tumutupok para sa kanila. Ang kaluwalhatian ng Diyos na pag-ibig ay siyang wawasak sa kanila. *DA 764.1*

Ang pagpapahayag ng banal at maawain na karakter ng Diyos ay nagpapakita ng tunay na kalikasan ng kasalanan at lubos na ibinubunyag ang mapanirang katangian nito:

Mga minamahal, huwag ninyong ipaghiganti ang inyong sarili, kundi bigyan ninyo ng dako ang poot: sapagka't nasusulat, Akin ang paghihiganti; Ako ang gaganti, sabi ng Panginoon. (20) Kaya't kung ang iyong kaaway ay nagugutom, pakainin mo siya; kung siya ay nauuhaw, painumin mo siya: sapagka't **sa paggawa nito ay magbubunton ka ng mga бага ng apoy sa kaniyang ulo. *Roma 12:19, 20***

Paano natin babasahin ang pangungusap na ito? Tinuturuan ba tayo ng Diyos na huwag gumawa ng masama laban sa ating mga kaaway dahil kung gagawin natin ito, inaalisin natin Siya ng pagkakataong gawin ito? Kung ang isang bagay na ating ginagawa ay masama, at eksaktong ganoon din ang ginagawa

ng Diyos, bigla na lamang bang nagiging mabuti ang masama? Ang ganitong uri ng pag-unawa ay mas nagpapakita ng ating makataong pag-iisip. “Ang mga daan ng Diyos ay higit kaysa sa ating mga daan.” Isaia 55:8-9. Magpapakita ba ang paghihiganti at poot ng Diyos sa isang paraan na iba sa payong ibinigay Niya sa atin upang sundin sa mga kaparehong sitwasyon; na ang gumawa ng mabuti sa mga taong masama ang trato sa atin? Kung gayon, nangangahulugan ito na hinihingi ng Diyos sa atin ang mga bagay na Siya mismo ay hindi ginagawa. Tayo ay kailangang magtimpi sa galit, ngunit ang Diyos ay malaya raw na ibuhos ang Kaniyang poot kahit kailan Niya gusto. Gayunman, sinabi sa atin ni Hesus na ang nais ng Diyos ay tratuhin natin ng may pag-ibig ang mga napopoot sa atin, sapagkat **sa ganitong paraan ay ipinapakita natin na tayo ay mga anak ng Diyos at sinasalamin natin ang Kaniyang sariling karakter sa mga ganitong sitwasyon:**

Bigyan mo ang humihingi sa iyo, at ang humihiram sa iyo ay huwag mong talikuran. (43) Narinig ninyo na sinabi, Iibigin mo ang iyong kapuwa, at kapootan mo ang iyong kaaway. (44) Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, **ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, pagpalain ninyo ang sumusumpa sa inyo, gawin ninyo ang mabuti sa napopoot sa inyo, at idalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo nang walang kabuluhan;** (45) **Upang kayo ay maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit: sapagka't pinasisikat niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga matuwid at sa mga hindi matuwid.** (46) Sapagka't kung inyong iibigin ang mga umiibig sa inyo, anong gantimpala ang mayroon kayo? hindi бага gayon din ang mga maniningil? (47) At kung batiin ninyo ang inyong mga kapatid lamang, ano ang inyong ginagawa nang higit kaysa iba? hindi бага gayon din ang mga maniningil? (48) **Kayo nga ay maging sakdal, gaya ng inyong Ama na nasa langit na sakdal.** Mateo 5:42-48

Ang pagiging perpekto ng ating makalangit na Ama ay higit pa sa pagsasagawa ng pagmamahal lamang sa mga gumagamot sa iyo nang mabuti. Ipinahayag ni Lucas ang pagiging perpekto bilang mga sumusunod:

Datapuwa't ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at gumawa kayo ng mabuti, at magpahiram kayo, na hindi umaasa sa anumang muli; at ang inyong gantimpala ay magiging malaki, at kayo ay magiging mga anak ng Kataastaasan: sapagka't siya ay

mabait sa mga hindi nagpapasalamat at sa mga masama. 36
Maging maawain nga kayo, gaya ng inyong Ama na mahabagin. *Lucas 6:35, 36*

Sa Kaniyang utos na tratuhin natin nang mabuti ang ating mga kaaway, ang ating Ama sa langit ay nais lamang na tularan natin ang Kaniyang halimbawa. Kaya't itabi nating mabuti ang makataong pananaw natin tungkol sa Diyos, at muling pagmasdan kung ano nga ba ang ibig sabihin ng “mga бага ng apoy” na ibinubuhos sa mga makasalanang:

Mga minamahal, huwag ninyong ipaghiganti ang inyong sarili, kundi bigyan ninyo ng dako ang poot: sapagka't nasusulat, Akin ang paghihiganti; Ako ang gaganti, sabi ng Panginoon. (20) Kaya't kung ang iyong kaaway ay nagugutom, pakainin mo siya; kung siya ay nauhaw, painumin mo siya: sapagka't **sa paggawa nito ay magbubunton ka ng mga бага ng apoy sa kaniyang ulo.** *Roma 12:19, 20*

Ang apoy na ating ibinubunton sa ulo ng isang may galit sa atin na ating pinakikitaan ng kabutihan at pagmamahal ay hindi pisikal na apoy. Ito ay apoy na nagmumula sa kamalayan ng kasamaan ng kasalanan kapag ito ay nasukatan sa liwanag ng pag-ibig at kabutihan ng Diyos. Kapag tayo'y nagmamahal sa ating mga kaaway, ibinubuhos natin sa kanila ang apoy ng Banal na Espiritu upang sila'y mahikayat at mapaniwala sa mali nilang landas. Ganito ang sinabi ni Hesus tungkol sa apoy na ito:

Ako ay naparito upang magpadala ng apoy sa lupa; at ano ang aking gagawin, kung ito ay nagningas na? *Lucas 12:49*

Ang Pangwakas na Paglalarawan sa Dakilang Labanan

Namuhay si Hesus ng isang buhay na puspos ng sakripisyo at walang pag-iimbot, na nagbibigay sa atin ng malinaw na larawan kung paanong ang kautusan ay dapat nakasulat sa ating mga puso, at iniwan tayo na walang maidadahilan para sa ating makasalanang at makasariling mga gawi. Sa pamamagitan ng pagpapahayag ng katotohanan tungkol sa mapagmahal na likas ng Kanyang Ama habang Siya'y narito sa lupa, tunay ngang nagsindi si Hesus ng isang apoy — isang espirituwal na apoy na tumutupok sa lahat ng pandaraya at panlilinlang ng tao sa kanyang sarili upang makapamuhay sa

kasamaan nang walang pagkakonsensya. Ang apoy na ito ay maaaring tumupok sa kasalanan mula sa puso ng mga taong nagsisisi, o kaya nama'y tutupok sa kanila sa huling araw kapag nakita nila ang mahabaging mukha ng Isa na palaging kumilos para sa kanilang kaligtasan ngunit tinanggihan nila. Tingnan natin kung paano ito inilalarawan sa mga sumusunod na talata mula sa Dakilang Labanan o Great Controversy:

Pagkabukas ng mga aklat ng talaan, at nang tumingin si Hesus sa mga masasama, **agad nilang naalala at naging mulat sila sa bawat kasalanang kanilang nagawa. Nakita nila kung saan nagsimulang lumihis ang kanilang mga hakbang mula sa landas ng kadalisayan at kabanalan, at kung gaano sila dinala ng kanilang pagmamataas at paghihimagsik sa pagsuway sa kautusan ng Diyos.** Ang mapanuksong mga tukso na kanilang hinayaang manaig dahil sa pagkalulong sa kasalanan, ang mga pagpapalang inabuso, ang mga sugo ng Diyos na kanilang hinamak, ang mga babalang itinakwil, at ang mga alon ng awa na itinaboy ng matigas at hindi nagsisising puso—**lahat ng ito ay lumilitaw na parang nakasulat sa mga titik na apoy.**

Sa itaas ng trono ay inihayag ang krus; at tulad ng isang panoorin ay lumilitaw ang mga tagpo ng tukso at pagkahulog ni Adan, at ang sunud-sunod na mga hakbang sa dakilang plano ng pagtubos. Ang mapagpakumbabang kapanganakan ng Tagapagligtas; ang Kaniyang payak na kabataan at masunuring pamumuhay; ang Kaniyang bautismo sa Jordan; ang pag-aayuno at tukso sa ilang; ang Kaniyang pampublikong ministryo na naghayag sa mga tao ng pinakamahahalagang pagpapala mula sa langit; ang mga araw na hitik sa mga gawa ng pag-ibig at habag, at ang mga gabing ginugol sa pananalangin at pagbabantay sa katahimikan ng mga bundok; ang mga pagsasabwatan ng pagkainggit, poot, at masamang hangarin bilang ganti sa Kaniyang mga kabutihan; ang kakila-kilabot at mahiwagang paghihirap sa Gethsemane sa ilalim ng napakabigat na pasanin ng kasalanan ng buong sanlibutan; ang Kaniyang pagkakanulo sa kamay ng marahas na karamihan; ang nakakatakot na mga pangyayari sa gabing iyon ng kilabot—ang hindi lumalaban na bilanggo, na pinabayaan ng Kaniyang pinakamamahal na mga alagad, at marahas na dinala sa mga

lansangan ng Jerusalem; ang Anak ng Diyos na buong yabang na ipinakita kay Anas, ipinagharap sa palasyo ng pinakapunong saserdote, sa hukuman ni Pilato, sa harap ni Herodes na duwag at malupit, nilait, ininsulto, pinahirapan, at hinatulang mamatay—lahat ng ito ay malinaw na ipinakita.

At ngayon, sa harap ng nagkakagulong karamihan ay inihahayag ang mga huling tagpo—ang matiising Nagdurusang na naglalakad patungo sa Kalbaryo; ang Prinsipe ng langit na nakabayubay sa krus; ang mapagmataas na mga saserdote at ang tumutuyang mga tao na nililibak ang Kaniyang paghihirap habang namamatay; ang di-pangkaraniwang kadiliman; ang pagyanig ng lupa, ang pagkapunit ng mga bato, ang pagbukas ng mga libingan, na siyang tanda ng sandaling isinuko ng Manunubos ng sanlibutan ang Kaniyang buhay.

Ang nakapanghihilakbot na tagpo ay lumilitaw kung paano talaga ito nangyari. Si Satanas, ang kaniyang mga anghel, at ang kaniyang mga tagasunod ay wala nang kapangyarihang umiwas sa larawang nagpapakita ng kanilang sariling mga gawa. Bawat isa sa kanila ay naaalala ang ginampanang bahagi. Si Herodes, na pumatay sa mga inosenteng sanggol sa Bethlehem upang mapuksa ang Hari ng Israel; ang taksil na si Herodias, na ang makasalanang kaluluwa ay may bahid ng dugo ni Juan Bautista; si Pilato na mahina at sunud-sunuran sa kagustuhan ng tao; ang mga sundalong nanlait; ang mga saserdote, mga pinuno, at ang nagngangalit na karamihan na sumigaw, “Ang Kaniyang dugo ay mapasaamin at sa aming mga anak!”—lahat ay namamasdan ang kabigatan ng kanilang kasalanan. Walang kabuluhang sinusubukan nilang magtago mula sa banal na kamahalan ng Kaniyang mukha, na higit ang ningning kaysa sa araw, samantalang ang mga tinubos ay iniaalay ang kanilang mga korona sa paanan ng Tagapagligtas, at sumisigaw: “Namatay Siya para sa akin!”
GC 666.2-667.2

Para sa mga tinubos, ang pagpapahayag ng agape na karakter ng Diyos ay isang samyo ng buhay, ngunit para sa iba, ang mga tagpong ito ay tila

nagniningas na apoy na tumutupok, na nagpapahirap sa kanilang kaluluwa ayon sa lalim ng pagpasok ng kasalanan sa kanilang buhay, at ayon sa lawak ng pagkakilala nila sa kaluwalhatiang ito na pinili nilang talikuran. Ang bahaging ito ng aklat na The Great Controversy o Dakilang Labanan ay inilahad nang detalyado sapagkat dito ipinapakita kung saan **nagmumula ang paghihirap ng masasama**. Nang nagsalita ang Diyos tungkol sa pagbagsak ni Lucifer, ipinakita Niya kung saan nagmumula ang apoy na ito sa espirituwal na diwa.

Iyong nilapastangan ang iyong mga santuario sa pamamagitan ng karamihan ng iyong mga kasamaan, sa pamamagitan ng kasamaan ng iyong pangangalakal; kaya't **maglalabas ako ng apoy mula sa gitna mo, lalamunin ka nito, at gagawin kitang abo sa ibabaw ng lupa sa paningin ng lahat na nakakakita sa iyo.** *Ezekiel 28:18*

Sa pasimula, ang apoy na ito ay nag-alab sa puso ni Lucifer dahil sa kanyang kasamaan, ngunit pagkatapos ng sanlibong taon, ang presensya ng Isa na pag-ibig at liwanag ang ganap na maghahayag nito:

Ilagay mo ako na parang tatak sa iyong puso, bilang isang tatak sa iyong bisig: sapagka't ang **pagibig** ay malakas na gaya ng kamatayan; ang paninibugho ay mabagsik na parang libingan: ang mga baga niyaon ay mga baga ng apoy, **na may pinakamabangis na ningas.** (7) **Hindi mapapatay ng maraming tubig ang pagibig, ni lulunurin man ng baha:** kung ibibigay ng tao ang lahat ng pag-aari ng kaniyang bahay para sa pag-ibig, ito ay lubos na hahamak. Awit ng mga Awit 8:6-7

Ang nag-aapoy na pag-ibig na nagmumula sa presensya ng ating Ama ang siyang maglalantad sa lahat ng masasamang pagnanasa ni Satanas, at ang apoy na ito ang siyang maglilipol sa kanya hanggang sa maging abo, pati na rin ang lahat ng sumanib sa kanya sa pamamagitan ng kasalanan. Ang puntong ito ay pinagtitibay rin sa pamamagitan ng simbolo ng “kambing na pinapasanan ng kasalanan”:

At ipapatong ni Aaron ang kaniyang dalawang kamay sa ulo ng buhay na kambing, at ipahahayag sa ibabaw niya ang lahat ng kasamaan ng mga anak ni Israel, at ang lahat ng kanilang pagsalangsang sa lahat ng kanilang mga kasalanan, **na ipapatong sa ulo ng kambing**, at itataboy siya sa pamamagitan ng kamay

ng taong angkop sa ilang: 22 At **dadalhin ng kambing ang lahat nilang kasamaan hanggang sa lupaing hindi tinatahanan**: at pakakawalan niya ang kambing sa ilang. *Levitico 16:21-22*

Ang kambing na ito ay sumasagisag kay Satanas na, sa loob ng isang libong taon, ay iiwan sa sirang mundo, bilang bilanggo na naghihintay ng kanyang hatol (Isaias 24:22; Pahayag 20:1-3). Mapapansin natin na walang sinumang papatay sa kambing na ito, kundi iiwan lamang siya upang harapin ang bunga ng kasalanan sa kanyang sarili. Kapag inilagay ng punong saserdote ang kanyang kamay sa ulo o isipan ng kambing na kumakatawan kay Satanas, ito ay nagpapakita ng proseso ng paggunita sa lahat ng kasalanan ginawa ni Satanas. Ang prosesong ito ay ipinaliwanag nang detalyado sa artikulong *The Scapegoat and our Father's Merciful Character*. Sa wakas, ang presensya ng Diyos ang siyang maglalantad ng nakakatakot na apoy mula sa kalooban ng bumagsak na kerubin, at ang liyab na ito ang tutupok sa kanya at sa lahat ng nakipag-isa sa kanya sa pamamagitan ng kasalanan, hanggang sila'y maging abo. Naaalala natin na ang pinagmulan ng apoy ay mula sa kalooban ni Satanas, at hindi mula sa kalooban ng Diyos. Ang paglalarawang kasunod ay hindi paulit-ulit o labis-labis, kundi ipinapakita nito kung paano eksaktong gumagana ang apoy na espirituwal:

Ang buong makasalananang sanlibutan ay nakatayo sa harap ng hukuman ng Diyos, pinararatangan ng matinding pagtataksil laban sa pamahalaan ng langit. Wala silang tagapagtanggol; wala silang maidadahilan; at **ang hatol ng walang hanggang kamatayan ay ipinahayag laban sa kanila.**

Ngayon ay malinaw sa lahat na ang kabayaran ng kasalanan ay hindi marangal na kalayaan at buhay na walang hanggan, kundi pagkaalipin, kapahamakan, at kamatayan. Nakikita ng masasama kung ano ang kanilang isinuko dahil sa kanilang mapaghimagsik na pamumuhay. Ang walang hanggang kaluwalhatian na iniaalok sa kanila ay kanilang hinamak; ngunit ngayon, napakanais na nito sa kanilang paningin. **“Lahat ng ito,” sigaw ng nawawalang kaluluwa, “ay maaari sanang mapasakin;** ngunit pinili kong itaboy ang mga ito palayo sa akin. O, kay salimuot na pagkahumaling! Pinalitan ko ang kapayapaan, kaligayahan, at karangalan ng kapighatian, kahihiyan, at kawalang-pag-asa.” Nakikita ng lahat na ang kanilang pagkahiwalay sa langit ay makatarungan. Sa kanilang sariling

pamumuhay ay ipinahayag nila: “Ayaw namin ang taong ito [si Hesus] ang mamuno sa amin.”

Na parang napaibig, **ang masasama ay nakatingin sa koronasyon ng Anak ng Diyos. Nakikita nila sa Kaniyang mga kamay ang mga tapyas ng banal na kautusan, ang mga utos na kanilang hinamak at sinuway.** Nasasaksihan nila ang pagputok ng pagkamangha, galak, at pagsamba mula sa mga iniligtas; at habang ang alon ng himig ay dumadaloy sa karamihang nasa labas ng lungsod, ang lahat ay sabay-sabay na sumisigaw, “Dakila at kagilagilalas ang Iyong mga gawa, Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat; matuwid at totoo ang Iyong mga daan, Hari ng mga banal” (Pahayag 15:3); at, sila’y nagpatirapa at sumamba sa Prinsipe ng buhay.

Si Satanas ay tila natigilan habang pinagmamasdan niya ang kaluwalhatian at kamahalan ni Kristo. Siya na dating isa sa mga kerubin na tumatakip ay naaalala [kamay na inilagay sa kambing] **kung saan siya bumagsak. Isang maningning na serapin, “anak ng umaga;” napakalaki ng pagbabago, napakababa ng kanyang kinasadlakan!** Mula sa kapulungan kung saan siya’y minsang pinarangalan, siya ngayon ay tuluyang itiniwalag. Nakikita niyang may isa nang nakatayo malapit sa Ama, na nagtatakip ng Kanyang kaluwalhatian. Nasaksihan niya kung paanong inilagay ang korona sa ulo ni Kristo ng isang anghel na matayog ang tindig at maringal ang anyo, at batid niyang ang mataas na katayuan ng anghel na iyon ay sana’y naging kanya.

Naalala niya [kamay na inilagay sa kambing] ang tahanan ng kanyang pagiging inosente at dalisay, ang kapayapaan at kasiyahang taglay niya noon, bago pa siya nahumaling sa pagrereklamo laban sa Diyos at pagkainggit kay Kristo. Muli niyang naiisip ang kanyang mga paratang, ang kanyang paghihimagsik, ang kanyang mga panlilinlang upang makuha ang simpatiya at suporta ng mga anghel, at ang kanyang matigas na pagtangga na magsikap na magbago kahit handang magpatawad ang Diyos—**ang lahat ng ito ay malinaw na bumabalik sa kanyang alaala.** Sinusuri niya ang kanyang ginawa sa sangkatauhan at ang mga naging bunga nito—ang pagkapuot ng

tao sa kapwa niya tao, ang matitinding pagkasira ng buhay, ang pag-angat at pagbagsak ng mga kaharian, ang pagbagsak ng mga trono, at ang mahabang sunod-sunod na kaguluhan, mga labanan, at mga pag-aaklas. Naalala rin niya ang walang tigil niyang pagsisikap na hadlangan ang gawain ni Kristo at ilugmok ang tao nang palalim nang palalim. **Nakikita niya na ang kanyang masasamang pakana ay hindi nagtagumpay sa pagwasak sa mga taong nagtiwala kay Hesus. Habang pinagmamasdan ni Satanas ang kanyang kaharian, ang bunga ng kanyang pagsisikap, ang tanging nakikita niya ay kabiguan at pagkawasak. Inakay niya ang karamihan na maniwalang madali nilang masasalakay ang Lungsod ng Diyos; ngunit alam niyang hindi ito totoo. Paulit-ulit, sa daloy ng dakilang tunggalian, siya'y nabigo at napilitang sumuko. Alam na alam niya ang kapangyarihan at kamahalan ng Walang Hanggang Diyos.**

Ang layunin ng dakilang rebeldeng ito ay palaging pawalang-sala ang kanyang sarili at palabasing ang pamahalaan ng Diyos ang may pananagutan sa paghihimagsik. Sa layuning ito, ginamit niya ang lahat ng kapangyarihan ng kanyang napakalawak na kaisipan. Siya ay kumilos nang sinadya at sistematiko, at sa kahanga-hangang tagumpay, ay napaniwala ang napakaraming tao na tanggapin ang kanyang sariling bersyon ng dakilang tunggalian na matagal nang nagpapatuloy. Sa loob ng libu-libong taon, ang pinunong ito ng sabwatan **ay pinalalabas ang kasinungalingan bilang katotohanan.** Ngunit dumating na ang panahon na ang paghihimagsik ay tuluyan nang magagapi at ang kasaysayan at tunay na pagkatao ni Satanas ay mahahayag. Sa kanyang huling matinding pagtatangkang pabagsakin si Kristo, lipulin ang Kanyang bayan, at angkinin ang Lungsod ng Diyos, ang **punong manlilinlang ay lubos nang nabunyag.** Ang mga sumama sa kanya ay nakikita ang ganap na pagkabigo ng kanyang layunin. Ang mga tagasunod ni Kristo at ang mga tapat na anghel ay nasilayan ang buong lawak ng kanyang mga panlilinlang laban sa pamahalaan ng Diyos. **Siya ay kinapopootan ng buong sangkatauhan.**

Nakikita ni Satanas na ang kanyang kusang paghihimagsik ang siyang naghiwalay sa kanya sa langit. Ginamit niya ang kanyang

lakas upang labanan ang Diyos; **ang kadalisayan, kapayapaan, at pagkakaisa sa langit ay magiging matinding pagpapahirap sa kanya.** Ang kanyang mga paratang laban sa awa at katarungan ng Diyos ay ngayo’y nanahimik na. Ang kahihiyan na kanyang sinikap ipasa kay Jehova ay siya niyang dinadala. Ngayon, yumuko si Satanas at inamin ang katarungan ng kanyang parusa.

“Sino ang hindi matatakot sa Iyo, O Panginoon, at magpupuri sa Iyong pangalan? Sapagkat Ikaw lamang ang banal; darating ang lahat ng mga bansa at sasamba sa Iyo; sapagkat ang Iyong mga paghatol ay malinaw na ipinahayag.” Talata 4. Ang bawat usapin tungkol sa katotohanan at kamalian sa matagal nang pagtatalo ay ngayo’y naging malinaw na. **Ang mga bunga ng paghihimagsik, ang mga resulta ng pagtakwil sa mga kautusang banal, ay ipinakita nang lantaran sa paningin ng lahat ng nilikhang mga nilalang.** Ang pagpapakita ng pamumuno ni Satanas **na kaiba** sa pamahalaan ng Diyos ay iniharap sa buong sansinukob. Ang mga gawa ni Satanas mismo ang siyang naghatol sa kanya. Ang karunungan, katarungan, at kabutihan ng Diyos ay lubos na napapatunayan. **Nakikita na ang lahat ng Kanyang mga gawain sa dakilang pagtatalo ay isinagawa para sa walang hanggang kabutihan ng Kanyang bayan at para sa kabutihan ng lahat ng mga mundong Kanyang nilikha.** “Ang lahat ng Iyong mga gawa ay pupuri sa Iyo, O Panginoon; at ang Iyong mga banal ay magpapala sa Iyo.” Awit 145:10. Ang kasaysayan ng kasalanan ay mananatiling saksi magpakailanman na ang kaligayahan ng lahat ng nilalang na Kanyang nilikha ay kaugnay ng pag-iral ng Kautusan ng Diyos. **Sa harap ng lahat ng katotohanan ng dakilang tunggalian, ang buong sansinukob, maging tapat o dating mapanghimagsik, ay nagkakaisang nagpahayag:** “Matuwid at totoo ang Iyong mga daan, O Hari ng mga banal.”

Sa harap ng buong sansinukob ay hayagang inilahad ang dakilang sakripisyong ginawa ng Ama at ng Anak para sa kapakanan ng tao. Dumating na ang oras na si Kristo ay tumanggap ng nararapat Niyang katayuan at niluwalhati sa ibabaw ng lahat ng pamunuan, kapangyarihan, at bawat pangalan na binabanggit. Iyon ay dahil sa kagalakang nakalaan sa Kanya—ang makapagdala ng maraming anak tungo sa kaluwalhatian—kaya’t

tiniis Niya ang krus at hindi ikinahiya ang kahihyan. At bagaman hindi masukat ang bigat ng kalungkutan at kahihyan, lalo namang higit ang kagalakan at kaluwalhatian. Tinitingnan Niya ang mga tinubos, binago ayon sa Kanyang sariling wangis, bawat puso ay may malinaw na bakas ng banal na likas, at bawat mukha ay nagpapakita ng anyo ng kanilang Hari. Nakikita Niya sa kanila ang bunga ng paghihirap ng Kanyang kaluluwa, at Siya ay nasiyahan. Pagkatapos, sa isang tinig na naririnig ng napakaraming matuwid at masasama, Kanyang ipinahayag: “Masdan ninyo ang bunga ng Aking dugo! Dahil sa kanila Ako ay nagdusa, dahil sa kanila Ako ay namatay, upang sila’y makapanahang kasama Ko magpakailanman.” At ang awit ng papuri ay umaalingawngaw mula sa mga nakaputing kasuotan na nakapaligid sa trono: “Karapat-dapat ang Korderong pinatay na tumanggap ng kapangyarihan, at kayamanan, at karunungan, at kalakasan, at karangalan, at kaluwalhatian, at pagpapala.” Pahayag 5:12. *GC 668.2-671.1*

Sa liwanag ng pag-ibig na naglalandad ng lahat, ang masasama ay bumaling laban kay Satanas nang makita nila na hindi siya tunay na naging tagapagpakabuti sa kanila kundi siya pala ang nag-akay sa kanila upang makibahagi sa kanyang kapahamakan. Dito mismo nagsisimulang mahayag ang espirituwal na apoy bilang pisikal na apoy. Ating pagmasdang mabuti kung ano ang mangyayari:

Sa kabila ng pagkilalang ipinilit kay Satanas na aminin ang katarungan ng Diyos at yumuko sa kapangyarihan ni Kristo, ang kanyang pagkatao ay nananatiling hindi nagbabago. Ang diwa ng paghihimagsik, na parang rumaragasang baha, ay muling sumiklab. Puno ng galit at pagkabaliw, nagpapasya siyang huwag sumuko sa dakilang tunggalian. Dumaluhong siya sa gitna ng kanyang mga tagasunod at pilit silang pinupukaw sa kanyang galit upang agad silang umalsa at makipagdigma. **Ngunit sa lahat ng di-mabilang na milyon-milyong kanyang inakit sa paghihimagsik, wala ni isa man ngayon ang kumikilala sa kanyang kapangyarihan. Wakas na ang kanyang kapangyarihan.** Ang masasama ay puspos ng parehong matinding galit laban sa Diyos na siyang nagpapalakas kay Satanas; ngunit ngayon ay nakikita nilang wala na silang pag-asa, at hindi nila kayang manaig laban kay Jehova. **Ang kanilang**

poot ay nag-aalab [mula mismo sa kaibuturan ng kanilang kaluluwa] **laban kay Satanas at sa mga naging kasangkapan niya sa panlilinlang, at sa matinding galit na tulad ng sa mga demonyo, sila'y bumaling laban sa kanila.**

